# ANG SERYOSONG BABALA NI ALLAH

**Bismillahir Rahmaanir Raheem Assalamu Alaikum!**

*Mga Nilalaman*: Ang Islam sa Hula ng Bibliya - Ang angkan ni Ismail at ang mga pagpapala - Mga Anak Ng Silangan - Mga balang (locust), sundalo ng Diyos - Ang tatlong mensahe ng mga anghel - Ang tatak ng Halimaw - Ang Amerika sa mga Hula - Pare-pareho ba ang lahat ng Kristiyano? - Sino ang nag-bago ng Batas? - at marami pa . . .

**Oo, ang pinaka-seryosong babalang naibigay mula sa panahon ni Noe(Nabi Nuh) nang siya ay tinawag upang gumawa ng arka ng kaligtasan para sa lahat ng nais maligtas. Si Nabi Nuh ay may pansanlibutang babala sa mga masasama na manumbalik sa buhay na Dios na Manlilikha at magsisi sa kanilang mga kasalanan. Ang kanyang babala sa paparating na baha ay tunay na isang solemneng babala sa mga nabubuhay noon nang ang Daigdig na ito ay sakdal pa ang kagandahan. Minsan ay ipinadala namin si Nuh sa kanyang mga kababayan, at siya ay nakisama sa kanila sa loob ng isang-libong taon binawasan ng limampung taon: ngunit sila ay nilamon ng baha habang sila ay (patuloy) sa kasalanan". S. Al Ankabut 29: 14**

**Mga minamahal, tayo ay dumating sa panahon, dito sa katapusan ng kasaysayan ng Daigdig, at isa na namang matindi at solemneng babala-pinaka-matinding babala para sa sanlibutan- ang ibinibigay sa lahat ng tao sa buong mundo. Ano ang babalang iyon? Sino ang nagbibigay ng babalang ito? Paano natin ihahanda ang ating mga buhay sa pagtanggap sa mga babalang ibinibigay?**



Ang una nating sagot ay nararapat na isang dua kay Allah na "…ipakita sa atin and tuwid na daan…" S. Al Fatiha 1:6

Bago tayo dumako sa puso ng mensahe ukol sa pinaka-solemneng babala mula sa panahon ni Nabi Nuh, tingnan muna natin ang kasaysayan ng Islam ayon sa Al Kitab (Biblia).

## PAGBABAKAS NG KASAYSAYAN NG ISLAM SA AL KITAB (BIBLIA)

Tunay bang mahahanap ang bahagi ng kasaysayan ng Islam sa Al Kitab? Binanggit ba ang pangalan ni Muhammad, ang propeta ng disiyerto, sa mga banal na pahina nito? Ang mga tanong na ito ay sadyang isang hamon sa kaisipan, gayun din ang mga sagot dito, sapagkat ang sagot mismo ng Al Kitab ay isang matibay na "Oo" Ngayon ay ating titingnan ang Al Kitab upang ating mabasa at maunawaan ang inihayag ni Allah. Bago natin gawin ito, kailangan natin mag-dua kay Allah (Dios) upang tayo ay gabayan sa tamang landas, sapagkat si "Allah…ang siyang gumagabay sa tamang daan." S. Al Baqara 2:26

Paulit-ulit na itinuturo ng Al Qur'an karim sa mambabasa nito ang Mga Banal na Aklat na naibigay noon pang una, kung saan may gabay, liwanag, batayan ng tama at mali, at mga paalala. Sa mga paalalang ito tayo babaling upang tayo ay magabayan.

"Kami ang nagpahayag ng Kautusan (kay Musa). Sa pamantayan nito ay hinatulan ang mga Hudyo, sa pamamagitan ng mga propeta… na sumunod sa kalooban ni Allah: sa pamamagitan ng mga rabbi at mga doktor ng Kautusan: sapagkat sa kanila ipinagkatiwala ang pag-iingat ng Aklat ni Allah… at sa kanilang mga bakas ipinadala namin si Isa na anak ni Maryam, pinatotohanan ang Batas na nauna sa Kanya: ipinadala namin sa kanya ang Injil: nakapaloob ang gabay at liwanag, at patotoo sa Batas na nauna sa Kanya: isang gabay at paalala sa kanila na may takot kay Allah." S. Al Ma'ida 5:44-46

"At tandaan Kami ang nagbigay kay Musa ng Kitab at ng Batayan (ng tama at mali)"S.Al-Baqara 2:53

## ANG LAHI NG ISLAM

Ang kasaysayan ng pasimula ng mga Anak Ng Silangan ay makikita sa Taurat. Ang ugat at lahi ng Islam ay nagmula sa sinaunang patriarka na si Nabi Ibrahim at sa kanyang panganay na anak na si Ismail. Si Ismail ay anak mula kay Hagar na isang dayuhang utusan ni Sarai mula sa Ehipto, asawa ni Nabi Ibrahim.

Sa kasaysayan, si Allah ay nangako kay Nabi Ibrahim at sa kanyang asawa na si Sarai na sila ay magkakaroon ng anak na lalake, ngunit ang pangako na taga-pagmana ay hindi agad natupad. Lumipas ang panahon at walang anak na dumating ayon sa pangako, kaya dumating ang panahon na tila ba nagreklamo na si Nabi Ibrahim kay Allah.

"Panginoon ko, ano ang ipagkakaloob mo sa akin gayung ako ay walang anak?"Taurat Genesis 15:2. Si Allah ay sumagot kay Nabi Ibrahim at nagsabi, "…siya na magmumula at lalabas sa iyo ang siyang magiging lahi mo" Kitab Taurat Genesis 15:4.

Ang pangako ay tiyak, bagaman naantala ang pagdating ng ipinangakong anak.

## ANG PAGSILANG NI ISMAIL AT ISHAQ

Ang sumusunod ay tala ng ginawa ni Ibrahim at Sarai, ng walang pagdarasal, upang magtanong kay Allah kung ito ba ay Kanyang kalooban na magkaroon ng lahi sa ibang babae.

"Ngayon si Sarai, na asawa ni Abram, ay hindi nakapagbigay ng mga anak sa kanyang asawa. Ngunit mayroon siyang isang alipin mula sa Ehipto na ang pangalan ay Hagar. Kaya sinabi ni Sarai kay Abram, pinigilan ako ng Diyos na makapagbigay ng anak sa iyo. Makisiping ka sa aking alila. Baka ako ay makaangkin ng anak sa pamamagitan niya. At si Abram ay sumang-ayon sa mungkahi ni Sarai. Kaya si Sarai, asawa ni Abram, kinuha si Hagar na kanyang alipin, at ibinigay kay Abram upang maging asawa." (Ito ay naganap 10 taon matapos lumipat si Abram sa lupain ng Canaan.)

Kaya si Abram ay nagkaroon ng seksual na relasyon kay Hagar, at siya ay nabuntis. At nang malaman ni Hagar na siya ay nabuntis, sinimulan niyang tratuhin ang kanyang amo na may poot. At nagsabi si Sarai kay Abram, "Lahat ng ito ay iyong kasalanan! Inilagay ko ang aking alipin sa iyong mga kamay, ngunit ngayon na siya ay nabuntis na, ako ay tinatrato niya ng masama. Ang Panginoon na lamang ang magpapakita sa atin kung sino ang mali – ikaw ba o ako!"

Sumagot si Abram, "Siya ay iyong alila, kaya gawin mo sa kanya kung ano ang nararapat." At naging malupit si Sarai kay Hagar, anupa't siya'y lumayas.

Natagpuan ng Anghel ng Diyos si Hagar sa tabi ng isang bukal, sa daanan patungong Shur. At ang Anghel ay nagtanong sa kanya, " Hagar, alila ni Sarai, saan ka nanggaling at saan ka patutungo?"

"Ako ay lumayas mula sa aking amo na si Sarai." Ang wika ng Anghel ng Dios sa kanya, "Bumalik ka sa iyong amo at magpailalim ka sa kanyang mga kamay." At dagdag na sinabi pa, "bibigyan kita ng maraming lahi na hindi mo kayang bilangin."

At sinabi din ng Anghel, "…ikaw ay magsisilang ng isang anak na lalake. Papangalanan mong Ismail (na nangangahulugan 'ang Dios ay nakikinig'), sapagkat narinig ng Dios ang iyong pagdadalamhati. Ang anak mong ito ay magiging isang mabangis na tao, tulad ng isang asno! Kanyang ilalaban ang kanyang kamao sa kahit sinong lalaban sa kanya, at siya ay kakalabanin ng lahat. Oo, siya ay mamumuhay na lantarang kaaway ng lahat ng kanyang mga kamag-anak."

Pagkatapos noon, gumamit si Hagar ng isang pangalang tumutukoy sa Panginoon na Siyang kumausap sa kanya. Ang wika niya, "Ikaw ang Dios na nakakita sa akin." At dagdag pa, "Sadya bang nasilayan ko Siyang nakakita sa akin?" Ang bukal kung saan siya nasumpungan ng Dios na nagpapahinga, ay tinawag sa pangalang Beer-lahai-roi (ibig sabihin ay, "bukal ng Siyang nakakita sa akin"). Ito ay makikita pa rin ngayon sa gitna ng Kadesh at Bered.

“Kaya si Hagar ay nagsilang ng anak na lalake kay Abram, at binigyan ng pangalan na Ismail.” Si Abram ay walumput-anim nang isinilang si Ismail.” Genesis 16:1-6

Makalipas ang 13 taon, ang Dios ay nakipagtipan kay Abram, na siya ay “magiging ama ng maraming mga bansa”, at magiging, “tunay na mabunga.” Pinalitan ng Dios ang pangalang Abram sa Abraham (at si Sarai sa Sarah) upang ipagtibay ang kasunduang pangakong iyon.

Si Ismail ay sumailalim sa kasunduang pangako ng Dios, ang palatandaan ay ang pag-tutuli, ayon sa utos ng Dios. “At sinabi ng Dios kay Abraham, ‘…at sa iyo, dapat mong tuparin ang Aking tipan, ikaw at ang mga lahi na susunod sa iyo hanggang sa paglipas ng mga panahon. Ito ang Aking tipan sa iyo at sa mga angkan na susunod sa iyo, ang tipanan na kinakailangan mong tuparin: Bawat lalaki sa iyong angkan ay dapat tuliin. Ikaw ay dapat mag-patuli, at ito ang magiging tanda ng tipanan nating dalawa. ” Taurat Genesis 17:9-11

“At nang araw ding yaon dinala ni Abraham ang kanyang anak na si Ismail at ang lahat ng isinilang sa kanyang pamamahay, pati ang mga aliping nabili ng kanyang salapi, bawat kalalakihan sa kanyang kinasasakupan, at tinuli silang lahat ayon sa utos ng Diyos sa kanya. Si Abraham ay siyam napu’t-siyam na taong gulang nang siya ay tuliin at si Ismail ay labin-tatlong taong gulang; si Abraham at ang kanyang anak na si Ismail ay sabay tinuli ng araw ding yaon.”Genesis 17:23-26. Ang pangakong ito ng tipanang pagpapala, at ang tanda ng pagsunod sa kondisyon, ay naganap bago pa isinilang si Ishaq. Sa sumunod na taon, nang si Abraham ay 100 taong gulang na at si Sarah ay matanda na rin, tinupad ng Diyos ang Kanyang di pang-karaniwang pangako. Si Sarai, o Sarah, ay nabuntis samantalang sa mata ng tao imposibleng mangyari sa natural na paraan na ang dalawang matanda ay magkaanak .

“Tinupad ng Dios ang Kanyang salita at ibinigay kay Sarah ang Kanyang ipinangako. Siya ay nag-dalantao sa kanyang katandaan at nagbigay ng anak na lalake kay Abraham. Ito ay nangyari sa tamang panahon ayon sa sinabi ng Diyos. At pinangalanan ni Abraham ang kanilang anak na Ishaq. Walong araw matapos isilang si Ishaq, tinuli siya ni Abraham ayon sa utos ng Dios…At nagsabi si Sarah, ang Dios ay nagdulot sa akin ng katatawanan. Lahat ng makakarinig nito ay matatawa sa akin. Sino ba ang mag-aakala kay Abraham na si Sarah ay mag-papasuso ng bata? Ngunit ako ay nagbigay ng anak kay Abraham sa kanyang katandaan!”Taurat Genesis 21:1-7

## PAGHIHIWALAY NG DALAWANG ANAK

Nang si Isaak ay lumaki at malapit ng ihiwalay sa pag-suso sa ina, naghanda si Abraham ng isang malaking piyesta at pagdiriwang. Ngunit nang makita ni Sarah si Ismail, ang anak ni Abraham sa kanyang alilang si Hagar, na tinutukso ang kanyang anak na si Isaak, siya ay bumaling kay Abraham at nag-utos, ‘palayasin ang alilang babae na yan at ang kanyang anak. Hindi siya makiki-hati sa mana ng aking anak. Hinding-hindi ako makapapayag!”

Ito ay ikinagalit ng matindi ni Abraham sapagkat Si Ismail ay lubos niyang mahal. Bagaman sabi ng Dios kay Abraham, “huwag kang magalit sa bata at sa iyong alipin, sundin mo ang utos ni Sarah sa iyo, sapagkat kay Isaak magmumula ang iyong lahi. Subalit gagawin ko ring isang bansa ang lahi ng anak ni Hagar sapagkat siya ay anak mo rin.”

Kaya madaling araw pa lamang kinabukasan, si Abraham ay naghanda ng pagkain at tubig, at isinukbit sa mga balikat ni Hagar. At pinaalis niya si Hagar kasama ang kanilang anak na si Ismail, at sila ay naglakbay na tila walang patutunguhan sa kagubatan ng Beersheba. Nang maubos ang inuming tubig, inilapag ni Hagar ang bata sa lilim ng punong kahoy. At siya ay lumayo ng tatlong-daang talampakan mula sa bata at doon umupo “Ayaw kong makitang mamatay ang batang ito”, sigaw ni Hagar at siya’y humagulhol ng iyak.

Narinig ng Dios ang iyak ng bata, at ang anghel ng Dios ay tumawag kay Hagar mula sa langit, “Hagar, ano ang problema? Huwag kang matakot! Narinig ng Dios ang iyak ng bata habang siya ay nakahiga doon. Puntahan mo siya at aliwin, sapagkat gagawa Ako ng isang dakilang bansa mula sa kanyang lahi.”

At minulat ng Dios ang mga mata ni Hagar at kanyang nakita ang isang balong umaapaw sa tubig. (Ito ang pina-paniwalaang balon ng Zamzam.) Mabilis na pinuno ni Hagar ang tubigan at pinainom ang bata. At ang Diyos ay sumubaybay sa bata habang ito ay lumalaki sa kagubatan. Siya ay naging bihasang mamamana, at siya ay nanirahan sa kagubatan ng Paran. Ang kanyang ina ay nakipag-ayos na siya ay makapag-asawa ng isang babae ng Ehipto.” Taurat Genesis 21:1-21

Ang pag-silang kay Ishaq ay sadyang isang milagro, si Ismail din naman ay inalalayan ng isang milagro nang bumukas ang isang balon para kay Ismail at sa kanyang inang si Hagar. Sa katunayan, matapos palayasin sa sariling pamamahay, si Ismail ay iningatan ng Dios sa buong buhay niya sa kagubatan. “Ang Dios ay nakisama sa bata” Genesis 21:20

Ang Dios ay dumidinig pa rin ngayon. Ikaw ba ay pinalayas din? Ikaw ba ay palaboy-laboy na nag-iisa sa buhay? Ikaw ba ay pinabayaan ng iba? Ang Dios ay nakikinig pa sa ating mga tinig. Alalahanin mo, ang pangalang Ismail ay may kahulugang, “Ang Dios ay nakikinig sa ating mga dalamhati”.

Huwag mong isiping malayo ang Dios. Siya ay malapit sa iyo gaya kay Hagar at Ismail sa kagubatan, na muntik nang mamatay sa kawalan ng pagkain at tubig. Tumawag ka sa Kanya ngayon.

## MGA LAHI NI ISMAIL

Paglipas ng maraming taon at si Ibrahim ay 175 taon gulang na, “siya ay binawian ng buhay at namahinga na sa kanyang katandaan, at nagtipon ang kanyang mga kaanak”. At ang kanyang mga anak – si Ismail anak ni Hagar, at si Ishaq na isinilang ni Sarah sa kanyang katandaan, ay nagtipon din “at inilibing siya ng kanyang mga anak na si Isaak at Ismail sa kuweba ng Machpelah, sa kabukiran ng Epron.” Si Ismail ay 88 taon gulang noon, at si Ishaq naman ay 75 taon gulang.

Bago namatay si Ibrahim, may ginawa siyang may kahalagahan sa atin ngayon. Sa pamamagitan ng ibinilin ni Ibrahim bago siya pumanaw, si Ishaq ay mananatili sa Canaan bilang tagapag-mana niya, ngunit ang matinding pagmamahal niya sa kanyang mga anak ay malinaw na ipinakita sa pamamagitan ng kanyang mga inihabilin. “…At doon sa mga anak sa iba pang mga asawa ni Abraham siya ay nagbigay ng mga handog, at ipinadala niya ng malayo kay Isaak, nang siya ay nabubuhay pa, patungong silangan na bayan.” Genesis 25:6-9. Simula noon, ang iba pang mga anak ay kinilala na mga ‘Anak ng Silangan’

Ang Banal na Kasulatan ay nagbibigay din sa atin ng “…kasaysayan ng linya ng angkan ni Ismail na anak ni Abraham, na siyang isinilang ni Hagar [ang dayuhan] na taga-Ehipto, na alila ni Sarah. Narito ang mga anak ni Ismail ayon sa kanilang pagkasilang: **Nebaioth ang panganay ni Ismail, Kedar, Adbeel, Mibsam, Mishma, Dumah, Massa, Hadad, Tema, Jetur, Naphish, at Kedema.** Ito ang mga pangalan ng mga anak ni Ismail, at ito rin ang mga pangalan ng hari ng mga tribu ayon sa kani-kanilang pinanirahan at mga kampo. Si Ismail ay nabuhay ng 137 mga taon. Siya ay mamatay, at itinipon sa kanyang bayan. Taurat Genesis 25:12-27. Ang listahang ito ay matatagpuan muli sa Taurat sa 1 Chronica 1:28-31.

Ang kasaysayan, ang angkan, at ang ang mga kamag-anakan ni Ismail ay di matatagpuan sa Marangal na Qur’an, kundi sa Banal na Kasulatan lamang. Maaaring taludturin ng mga Muslim ngayon ang kanilang spiritual na kasaysayan kay Ismail. Nang ang kanyang mga tribu ay nagsipag-asawahan, sila ay tinawag sa Banal na Kasulatan na mga Anak ng Silangan. Ang mga propesiya ukol sa mga anak ng silangan ay matatagpuan lamang sa Taurat (Old Testament) at gayun din sa Injil (New Testament). Ang mga propesiyang ito ay kasama sa pag-aaral na ito.

Sa ngayon, ang mga Anak Ng Silangan ay kilala bilang mga “Muslim.” Ating tutunghayan ang kasaysayan ng mga Anak Ng Silangan sa buong Bibliya sa pag-aaral na ito. Kasali sa kasaysayang iyan kung paano sila nakipag-ugnayan sa kabilang panig ng pamilya, na siyang mga anak ng Israil, at aabot hanggang sa Repormasyon ng ika-16 na Siglo. Ang Banal na Kasulatan ay malinaw na magpapakita na si Allah ay mayroong kakaibang panukala para sa mga Anak Ng Silangan. Sinasabi sa Biblia na sila ay kasama ng mga tapat na tagasunod ni Allah sa huling panahon. Ang dalangin namin nawa’y ang pag-aaral na ito’y maging kaliwanagan, at iyong magiting na hanapin ang iyong tungkulin sa buhay, sa paglilingkod kay Allah.

## MGA ANAK NG SILANGAN

Ang mga Anak Ng Silangan ay mula sa lahi ni Abrahim na nagmula kay Hagar at Keturah, ang huli na siyang ikatlong asawa ni Ibrahim(matapos mamatay si Sarah). Matapos silang lumipat “sa Silangan” galing sa Canaan, ang mga tribung ito ay nagsipag-asawahan at lumitaw muli sa buong kasaysayan ng Biblia bilang mga “Anak Ng Silangan”.

Sinasabi din na si Muhammad (ang mensahero mula sa disyerto) ay nagmula sa angkan ni Nebaioth, ang panganay na anak ni Ismail. Halatang mahalaga ang pangalan ni Ismail, gayun din ang kanyang mga anak. Kung hindi, bakit binanggit pa ang angkan at lahi ni Ismail ng dalawang beses? May plano ba si Allah? O kinailangan lamang na mapuno ang mga pahina ng Banal na Kasulatan ng mga letra at tinta? Hindi. Tunay na si Allah ay may layunin para sa mga

Anak Ng Silangan. Ang tanong lamang ay mayroon bang magpapasakop ng kanyang kalooban sa Kanya mula sa grupong ito? Sa bawat salita ni Allah ay nararapat tayong magpasakop.

"Bawat salita ng Diyos ay dalisay…" Zabur Kawikaan 30:5

## ANG MGA BALANG (LOCUSTS)

Sa Bibliya, ang mga "Anak Ng Silangan" ay kinilala rin bilang "balang o "tipaklong" Taurat Mga Hukom 6:1-6.

Ang mga balang ay nagmula sa Arabia at angkop na simbolo sa mga Anak Ng Silangan

"Babayaran Ko ang mga taon na kinain ng mga balang – ang malalaking balang at ang mga maliliit na balang, ang mga tipaklong at kuyog ng tipaklong, ang Aking malawak na kasundaluhan na Aking ipinadala sa inyong kalagitnaan". Joel 2:25

"At humihip ang ikalimang anghel, at aking nakita ang isang bituin na nahulog mula sa langit patungo sa lupa:….At mula sa usok ay lumabas ang mga balang papunta sa lupa: at sa kanila ay ipinagkaloob ang kapangyarihan, tulad ng kapangyarihan ng alakdan sa lupa… At ang hugis ng mga balang ay parang mga kabayo na nakahanda para sa digmaan…"Injil Apocalipsis. 9:1-4,7

## SI ALLAH AY NANGAKO NG DOBLENG PARTE SA MGA ANAK NG SILANGAN

Sa Biblia nakatala si Hagar (ang dayuhan) bilang pangalawang asawa ni Abraham, na siyang nagsilang ng kanyang panganay na anak. Sinabihan siya ng anghel na magpasakop sa unang asawa ni Abraham na si Sarai, na sa huli'y nagpalayas sa kanya at sa kanyang anak mula kay Abraham. Subalit siya at ang kanyang anak ay minahal at kinalinga ni Allah. Ang wika ng Panginoon, sa pamamagitan ni Nabi Musa ay ito:

"Kung ang isang lalake ay may dalawang asawa, ang isa ay minahal at ang isa naman ay hindi, at ang parehong asawa ay nakapag-bigay ng mga anak sa kanya, at ang panganay na anak ay mula sa hindi minahal na asawa, sa araw na kanyang ipagkakaloob ang kanyang mga pag-aari bilang mana sa kanyang mga anak, hindi niya maaaring ituring bilang panganay ang anak ng minahal na asawa, higit pa sa anak ng hindi minahal dahil siya ang totoong panganay, at kanyang kikilalanin ang panganay na anak mula sa di-minahal sa pamamagitan ng pagbibigay niya ng dobleng bahagi ng lahat ng kanyang pag-aari, sapagka't siya ang unang bunga ng kanyang lakas. Ang karapatan ng isang panganay ay kanya." Deuteronomio 21:15-17

Sa nabanggit na mga talata, si Hagar ang siyang "di minahal". Ang pangako ni Allah ay matibay para sa kanyang anak kay Abraham, bilang panganay na anak ni Abraham na si Ismail, hindi si Ishaq. Kaya si Ismail ang siyang may "karapatan bilang panganay." Ayon sa kaugalian, si Ismail ay nararapat bigyan ng dobleng bahagi bilang mana galing kay Abraham. Sa ngayon ating nakikita ang matapat na katuparan ng pangako ni Allah kay Ismail at sa kanyang lahi, mga Anak Ng Silangan, sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng higit pa sa dobleng bahagi. Makikita natin ang likas na kayamanan sa Middle East sa pamamagitan ng kanilang langis, ginto, at iba pa…na noong araw ang makikita natin ay puro mga bundok lamang na buhangin. Lalung-lalo na sa nakalipas na 100 na taon, pinagpala ng Diyos ang mga Anak Ng Silangan ng higit pa sa dobleng bahagi ng malawakang pag-aari ng mga lupain, at mayamang ekonomiya. Tinupad ni Allah ang Kanyang mga pangako.

"Sa inyong kahihiyan kayo ay tatanggap ng dobleng bahagi; at sa kaguluhan sila ay magsasaya sa kanilang bahagi: kaya sa kanilang bayan sila ay aangkin ng doble: walang hanggang kasiyahan ang mapapasa-kanila." Isaias 61:7. Kapag ang mga anak Diyos ay mapapahiya, sila ay pinangakuan ng doble. Si Hagar ay pinahiya at pinalayas, pinabayaan.

Si Ayub(Job), isa sa mga Anak Ng Silangan, ay ipinahiya sa paglilingkod niya sa Dios; siya din ay tumanggap ng dobleng bahagi. "At binaliktad ng Panginoon ang pagka-bilanggo ni Job, nang ipinagdasal niya ang kanyang mga kaibigan: at binigyan din siya ng Panginoon ng doble pa sa kanyang pag-aari noon." Taurat Job 42:10

Si Allah ay nangako sa Taurat Zacharias 8:7, "Samakatuwid sinabi ng Panginoon ng karamihan; pagmasdan, Aking ililigtas ang Aking mga tao galing sa bayan na nasa Silangan, at galing sa bayan na nasa Kanluran…"

Kasama sa kasunduan ni Allah at ni Abraham ang mga lupa sa pagitan ng dalawang malalaking ilog.

"Nang araw na yaon gumawa ng kasunduan ang Panginoon kay Abraham, 'sa iyong mga lahi ipagka-kaloob ko ang lupang ito, mula sa ilog ng Ehipto (Nile) hanggang sa malaking ilog ng Euphrates"Taurat Genesis 15:18-21

Sa ngayon ang halos buong rehiyon na ito ay siyang teritoryong tinanggap ni Ismail mula kay Abraham, bilang panganay na anak. (Taurat Deuteronomio 21:15-17) Sa ngayon ang 'bansang silangang' ito sa silangan ng Canaan kung saan dinala ang mga anak ni Hagar at Keturah ay siyang tirahan ng kanilang mga lahi.

Si Isaak na kaniyang anak kay Sarah ay tumanggap ng pangako, "At Akin kang (Ismail) gagawing isang dakilang bansa, subalit ang akin tipan ay itatatag ko kay Isaak.' Genesis 17 :20,21. Ang tipanang iyon ay 'Sa iyong binhi ang lahat ng mga bansa ng lupa ay pagpapalain.' Genesis 22 :18. Ito ay tumutukoy kay Isa al-Masih ibn Maryam.

Si Isaak at ang kanyang lahi ay nagmana ng lupa sa kanluran mula kay Abraham subalit mas maunti. Sabi sa Biblia, 'At Aking ibibigay sa iyo, at sa mga lahi mo, ang mga lupa kung saan ikaw ay dayuhan, lahat ng lupain sa Canaan, ng walang-kamatayang pag-aari; at Ako ay magiging Dios sa kanila." Kitab Taurat Genesis 17:6-8

## APAT NA PANGAKO NG DIOS KAY ISMAIL AT SA KANYANG INA

Kapansin-pansin na nangako ang Diyos na gagawing malaking bansa si Abraham at ang kanyang angkan. Anim na beses na binanggit sa Bibliya ang"labing-dalawang tribu" ng Israel. Sila ay mga lahi ni Abraham sa pamamagitan ni Isaak at Jacob; ang kanilang 12 mga pangalan ay nakasulat sa 12 pintuan sa Bagong Herusalem sa langit. Si Ismail naman ay nagkaroon din ng 12 mga anak na lalake, at nangako ang Panginoon na ang kanyang angkan ay gagawin din "isang dakilang bansa" Sila nga ay nakagawa na ng tatak sa kasaysayan ng daigdig.

Kay Ismail at sa kanyang inang si Hagar ay ibinigay ang 4 na natatanging pangako mula sa Dios.

**Pangako 1**

"At sinabi ng anghel ng Dios sa kanya[Hagar], Pararamihin kong mainam ang iyong binhi, na di-mabibilang sa dami. At ang anghel ng Dios ay nagsabi sa kanya, narito't, ikaw ay nag-dadalantao, at magkakaanak ka ng isang lalake, Ismail ang iyong ipa-pangalan sa kanya; sapagkat narinig ng Dios ang iyong dalamhati." Genesis 16:10-11

**Pangako 2**

"At para kay Ismail, dininig kita: narito't Akin siyang pinagpala, at siya'y aking papag-aanakin ng marami; at pararamihing mainam; 12 na prinsipe ang kanyang magiging mga anak, at gagawin Ko siyang isang dakilang bansa." Kitab Taurat Genesis 17:20

**Pangako 3**

Habang nakikipag-usap kay Abraham, sabi ng Dios, "… Akin ding gagawing isang bansa ang angkan ng anak ni Hagar sapagkat siya ay anak mo rin." Taurat Genesis 21:13

**Pangako 4**

"At narinig ng Dios ang tinig ng bata; at tinawag ng anghel ng Dios si Hagar mula sa langit, at sabi sa kanya, Naano ka Agar? Huwag kang matakot; sapagkat narinig ng Dios ang tinig ng bata sa kanyang kinalalagyan. Tumayo ka, kunin mo ang bata at hawakan sa iyong mga kamay; at gagawin Ko siyang isang dakilang bansa." Taurat Genesis 21:17-18

## ISLAM SA PROPESIYA NG BIBLIA

### INJIL APOCALIPSIS 9

Ang Islam ba ay nasa propesiya ng Biblia? Si Muhammad ba, na propeta mula sa disiyerto, ay binanggit sa



mga aklat ng propesiya? Ayon sa mga binasa na, ang mga Anak Ng Silangan ay kasama ng maraming beses sa kasaysayan ng Banal na Aklat na Biblia. Kaya, di nakakagulat na sila ay nasa aklat din ng Apocalipsis. Ang Apocalipsis ay nasa hulihan ng Biblia at sumasaklaw sa pag-sasara ng kasaysayan ng daigdig. Oo, makikita natin, na ang Islam at ang propeta ng disiyerto ay binanggit sa Kapitulo 9 ng Apocalipsis. Ang mga Anak Ng Silangan ay gaganap ng mahahalagang bahagi para sa Dios sa kasaysayan ng daigdig; sila ay may mahalagang papel sa mga magaganap sa mundo sa mga huling oras.

Ang kapitulo 9 sa aklat ng Apocalipsis sa Biblia ay tunay na nagsimula sa huling talata ng kapitulo 8. Isang anghel ang sumigaw "Sa aba!" tatlong beses sa mga "nananahan sa lupa" dahil sa mga pangyayaring magaganap. "At nakita ko, at narinig ang isang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na nagsasabi ng malakas na tinig, Sa aba, Sa aba, sa aba sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa dahil sa iba pang tinig ng trumpeta ng tatlong anghel, na magsihihip pa!" Kitab Injil Apocalipsis 8:13

Ang tatlong "trumpetang may aba" ay ang huling trumpeta sa linya ng pitong trumpeta. Ang mga trumpeta ay bahagi

ng panahon simula sa kapanahunan ni Isa al-Masih hanggang sa pagtatapos ng daigdig at Kanyang muling pagparito. Ang Kapitulo 9 ng Apocalipsis ay sumasaklaw sa ginabayan ng Dios na mga pangyayari sa kapanahunan ng ika-5 at ika-6 na trumpeta, na nagbigay ng una at ikalawang aba.

## ANG UNANG TRUMPETA

"At humihip ang ikalimang anghel at nakita ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit : at sa kaniya'y ibinigay ang susi ng walang hangganang hukay. At kanyang binuksan ang walang-hangganang hukay; at napailanglang ang usok mula sa hukay, na gaya ng usok ng isang malaking hurnuhan; at nagdilim ang araw at ang himpapawid dahil sa usok ng hukay. At mula sa usok ay lumabas ang mga balang papunta sa lupa: at sa kanila ay ipinagkaloob ang kapangyarihan, tulad ng kapangyarihan ng alakdan sa lupa."

"At inutusan sila na huwag saktan ang mga damo sa lupa, ni anomang luntiang mga bagay, ni anomang mga kahoy; kundi ang mga tao lamang na walang tatak ng Dios sa kanilang mga noo. At sila'y inutusang huwag patayin ang mga ito, kundi pahirapan ng limang buwan: at ang kanilang pahirap ay gaya ng pahirap ng alakdan kung ito ay kumagat sa tao. At sa mga araw na yaon ang mga tao ay magnanasa ng kamatayan, at di nila ito masusumpungan; at magnanais mamatay, at ang kamatayan ay mailap sa kanila."

"**At ang anyo ng mga balang ay parang mga kabayong nakahanda sa digmaan**; at sa kanilang mga ulo ay gaya ng mga putong na katulad ng ginto, at ang kanilang mukha ay parang mga mukha ng tao. At sila'y may buhok na gaya ng buhok ng mga babae, at ang kanilang mga ngipin ay gaya ng sa leon. At sila'y may mga baluti, na gaya ng bakal; ang ugong ng kanilang pakpak ay gaya ng ugong ng karo na may maraming kabayong tumatakbo patungo sa digmaan. At sila'y may mga buntot na gaya ng sa mga alakdan at may pangagat sa kanilang mga buntot: at ang kanilang kapangyarihan ay saktan ang mga tao ng limang buwan. At sila'y may isang hari , na siyang anghel ng walang-hangganang hukay, ang pangalan sa Hebreong salita ay Abaddon, at sa Griyegong salita ay Apollyon."

## MGA ANAK NG SILANGAN AT ANG UNANG ABA

Ang ika-5 trumpeta/unang aba na kapanahunan ay simula sa 622 AD – nang tumakas si Muhammad sa Medina – hanggang sa pag-bagsak ng Constantinople noong Hulyo 27, 1449 AD. Ang kahulugan ng propesiya ng Apocalipsis 9 ay napaka-simple upang di maintindihan. Sa loob ng maraming taon nasumpungan ng mga nag-aaral ng Banal na Kasulatan na ang 'bituin' ng Injil Apocalipsis 9:1 ay talagang si Muhammad. Kay Muhammad ipinagkaloob ang "susi" ng walang-hangganang hukay na siyang matatagpuan sa Arabia. Lumabas sa walang-hangganang hukay ang mga "balang" na di-mabilang na tumutukoy sa mga Anak Ng Silangan.

Dito lumitaw silang muli sa kasaysayan, ngunit hindi lang bilang pangkaraniwang mga balang. Ang mga balang na ito ay parang mga kabayo na inihanda sa digmaan. Dagdag pa, sila ay binigyan ng utos ni Allah. Sila ay Kanyang magiging kasangkapan upang bigyang proteksyon ang bayan ng Diyos, gayun din upang parusahan ang mga taong tumalikod sa Diyos. Pansinin kung kanino dumapo ang aba, at kung sino naman ang maliligtas.

"At inutusan sila na huwag saktan ang mga damo sa lupa, gayun din ang mga luntiang mga bagay, gayun din ang mga kahoy; ngunit yaon lamang mga tao na walang tatak ng Diyos sa kanilang mga noo." Kitab Injeel Apocalipsis 9:4

Sa kapanahunan ni Muhammad, at sa maikling panahon matapos nito, ay may mga tao na nagmahal sa Diyos at sumusunod sa Kanya ayon sa kanilang kaalaman. Ang utos sa mga "balang na mga kabayo" ay huwag silang "sasaktan". Pansinin ang halos parehong salita ni Abubeker, ang humalili kay Muhammad, na nag-utos nito sa kanyang mga kapitan:

"Matapos mamatay si Muhammad, siya ay pinalitan ni Abubeker bilang pinuno noong 632 AD, nang matapos niyang pagtibayin ang kanyang gobyerno at awtoridad, ay nagsiwalat siya ng isang sulat sa mga tribo ng Arabia, at ang sumusunod ay sipi dito:

"Ito ay upang ipaalam sa inyo na layunin kong ipadala ang mga tunay na mananampalataya sa Syria upang sila'y ialis sa kamay ng mga di naniniwala sa Dios, at sinasabi ko sa inyo na ang pakikipagbaka sa ngalan ng relihiyon ay isang pagsunod sa Dios."

Ang kanyang mga mensahero ay bumalik ng may balita ng kabanalan at sigasig sa militar na kanilang nahimok sa bawat probinsya; ang kampo ng Medina ay napuno na ng matatapang na pangkat ng mga Saracens, na palaging naghahanap ng digmaan, nagrereklamo sa tindi ng init ng panahon, kakulangan ng pagkain at at nagbintang nang may pagrereklamo sa pagkaantala ng pagbabalik ng Kalip (hari). Nang kumpleto na ang kanilang bilang, si Abubeker ay umakyat sa isang mataas na dako, sinuri ang mga kawal, mga kabayo at mga sandata, at nanalangin ng taimtim sa kanilang gagawing pagsalakay. Ang Kanyang instruksyon sa mga pinuno ng Syria ay pinasigla ng mala-digmaang panatismo na ang layunin ay manakop at lumupig.

"Alalahanin", wika ng pumalit sa propeta, 'na kayo'y laging nasa harapan ng Dios, sa bingit ng kamatayan, may kasiguruhan ng paghatol at may pag-asang Paraiso: iwasan ang di-makatarungan at ang pang-aapi; kumunsulta sa kapatiran, at pag-aralan ang pag-iingat ng pag-ibig at pagtitiwala sa inyong mga sundalo. Kung kayo ay makikipaglaban sa digmaan ng Dios, kumilos kayo bilang mga lalaki, huwag kayong tatalikod, ngunit huwag ninyong hayaang madungisan ang inyong tagumpay ng dugo ng mga babae o mga bata. Huwag kayong papatay ng mga palma o magsunog ng anumang bukirin ng mais. Huwag puputol ng mga nagbubungang kahoy, huwag gagawa ng masama sa mga baka, pumatay lamang ng kailangang kainin. At kung kayo ay gagawa ng anumang kasunduan, panindigan ninyo at maging totoo sa inyong salita. Makakatagpo kayo ng mga relihiyosong taong nakatira sa Monasteryo na nangakong maglingkod sa Diyos sa ganoong paraan, hayaan sila, huwag patayin o sunugin man ang kanilang Monasteryo; at makakatagpo din kayo ng ibang uri ng mga tao na kabilang sa sinagoga ni Satanas, na inahit ang kanilang mga ulo, siguruhin na biyakin ninyo ang kanilang mga bungo, at huwag sila pahintulutang mabuhay hanggang hindi sila maging Muslim o magbigay handog." Josiah Litch, *Prophetic Expositions*, p. 172-173

"Tila ba binigyan ng Dios ng espiritu ng kabaitan ang puso ng mga mandirigmang ito para sa mga Kristiyanong nahiwalay sa Syria, na sumusunod sa mga utos ng Dios; ngunit ang mga inahitang mga pari at mga monghe ay papatayin ng walang awa, kung di sila tatanggap ng relihiyon ni Mohammad o di kaya ay maghahandog. Di nagtagal ang buong Syria ay napasa-kamay ng mga Saracens." Steven Haskell, *Seer of Patmos*, 1903, p. 167.

Makikita sa mga naunang mga pahayag na sa simula pa ay nagbigay ang Islam ng malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng iba-t ibang grupo ng Kristyano, at ito'y kinumpirma ng Qur'an:

"Hindi lahat ay pare-pareho: Sa mga Naniniwala sa Aklat (Kristyano) ay may ilang tumatayo (para sa tama): magdamag nilang ginagawa ang mga senyales ni Allah, at sila ay nagpapatirapa sa pagsamba. Sila ay naniwala kay Allah at sa Huling mga Araw; sila'y nagtuturo ng tama, at nagbabawal ng mali; at sila ay mabilis sa pagsunod sa lahat ng mabubuting gawa; **sila ay kasama sa mga matutuwid**." S. Al-'Imran 3:113-114

Ang Marangal na Qur'an ay nagpapatunay na hindi lahat ng nagpapanggap na Kristiyano ay tunay na mga Kristiyano. Nagbibigay ito ng kakaibang pananaw ukol sa mga Kristiyano, na sila lamang na tumutupad sa mga tanda ng Diyos, nagbabawal ng mali at gumagawa ng tama, ang kasama sa mga "matuwid"! Sa aming pagsusuri, aming natagpuan ang isang dakilang "tanda" ni Allah, na tinutupad o ginagawa ng ilang mga tapat. Kanilang pararangalan at ipapangilin ang Kaniyang Banal na Kapahingahan ng Sabbath sa Sabado (yaum As Sabt), ayon sa Batas ni Allah.

"…katotohanang ipangingilin ninyo ang Aking mga Sabbath: dahil ito'y tanda sa akin at sa inyo; sa buong panahon ng inyong mga lahi upang makilala ninyo na ako ang Dios na Siyang nagpapabanal sa inyo." Exodo 31:13

At muli mula sa Al Qur'an: "Sa kanila, na tinatawag na mga Kristiyano, Kami ay may kasunduan, ngunit kanilang kinalimutan ang maraming bahagi ng mensaheng ipinadala sa kanila… At di-magtatagal ipakikita sa kanila ni Allah ang kanilang ginawa." S. Al Ma'ida 5:14

Ngayon ay ating makikita na ang mga Saracens, na mga Anak ng Silangan, ay inilarawan sa ika-5 trumpeta, o unang aba ng Apocalipsis 9. Ayon sa kasaysayan, sila ay "tormento" sa silangang emperyo ng Roma. Ang kanilang pagsalakay sa silangang bahagi ng Emperyo ng Roma ay tumagal ng "5 buwan" tugma sa propesiya, "At sila'y inutusang huwag patayin ang mga ito, kundi pahirapan ng limang buwan: at ang kanilang pahirap ay gaya ng pahirap ng alakdan kung ito ay kumagat sa tao.'Apocalipsis. 9:5

"At sila'y may mga buntot na gaya ng sa mga alakdan at may pangagat sa kanilang mga buntot: at ang kanilang kapangyarihan ay saktan ang mga tao ng limang buwan."Injil Apocalipsis 9:10

Ang propesiya ng limang buwan ay katumbas ng 150 na mga araw o 150 mga taon. Sa mga hula sa Biblia, ang isang araw ay katumbas ng isang taon sa tunay na panahon. Sa pagbilang ng

mga Hebreo, ang isang buwan ay may 30 mga araw, at ang isang taon ay may 360 mga araw. "… isang araw para sa isang taon…" Bilang 14:34

Sa kasaysayan ng mga mga Saracens sa ilalim ni Othman, sinimulan ang limang buwan na "pahirap" sa Silangang bahagi ng Roma noong Hulyo 27, 1299 nang pinasok ni Othman ang Roma. Ang layunin ng mga Saracens ay hindi upang lubusang pumuksa, kundi "magpahirap" lamang ng 150 mga taon.

"At mayroon silang (mga balang) hari, na siyang anghel ng walang-hangganang hukay, ang pangalan sa Hebreong salita ay Abaddon, at sa Griyegong salita naman ay Apollyon." Injil Apocalipsis 9:11

Ang ibig sabihin ng 2 pangalan na yaon ay "maninira". Dito ay ating makikita na ang mga "balang" ay tinawag noong una upang "magparusa" lamang, ngunit sa ikalawang aba, ang kanilang gawain ay lalawak. Ang kasaysayan ay nagpapatunay sa ginawa ng bawat grupong ito.

"Apocalipsis 9:1-11. Ang Pagbangon ng Relihiyon ni Mohammad. Sa loob ng 600 na mga taon ang mga Arabo ay parang mga balang na walang hari. Malapit sa pagtatapos ng ika-13 siglo, si Othman ay nagtatag ng isang gobyerno; at noong Hulyo 27, 1299 pinasok niya ang Nicomedia – ang unang pagsalakay ng Othman sa silangang Roma. Sila'y magpapahirap sa mga tao ng limang buwan, 150 mga taon, katumbas ng Hulyo 27, 1449." Haskell, **Bible Hand Book for Students of Prophecy, 1919, p.121**

## IKA-2 TRUMPETA NG MAY ABA

"Ang unang pagkaaba ay dumaan na, narito, darating pa ang dalawang aba."

"At humihip ang ikaanim na anghel, at narinig ko ang isang tinig mula sa apat na sungay ng gintong altar na nasa harapan ng Dios, at nagsasabi sa ika-6 na anghel na may hawak ng trumpeta, Kalagan mo ang apat na mga anghel na nakagapos sa malaking ilog ng Euphrates. At kinalagan ang apat na mga anghel, na nakahanda ng isang oras, isang araw, isang buwan, at isang taon upang patayin ang ikatlong bahagi ng mga tao. At ang bilang ng mga sundalong sakay ng mga kabayo ay dalawang-daang libo-libo: at aking narinig ang kanilang mga bilang.

"At nakita ko ang mga kabayo sa pangitain, at ang mga nakasakay dito, na may mga baluting gaya ng apoy, jacinto at ng asupre: at ang mga ulo ng mga kabayo ay gaya ng mga ulo ng mga leon; at sa kanilang mga bibig ay lumalabas ang apoy at usok at asupre. Dahil sa tatlong salot na ito ay napatay ang ikatlong bahagi ng mga tao, sa pamamagitan ng apoy, usok at ng asupre, na lumalabas sa kanilang mga bibig. Sapagkat ang kapangyarihan ng mga kabayo ay nasa kanilang bibig, at nasa kanilang buntot; sapagka't ang kanilang mga buntot ay kawangis ng mga ahas, na may mga ulo; at siya nilang ipinanakit"

"At ang natira sa mga tao, na hindi namatay sa mga salot na ito ay hindi din nagsisi sa mga ginawa ng kanilang mga kamay, upang 'di magsamba sa mga demonyo, at mga dios-diosang ginto, pilak, tanso, bato, at kahoy: na hindi nakakakita, ni nakaririnig, ni nakakalakad man: at sila'y hindi rin nagsisi sa kanilang pagpatay, ni sa kanilang pangkukulam, ni sa kanilang pakiki-apid, ni sa kanilang pagnanakaw." Apocalipsis 9:1-21

## ANG ISLAM AT ANG IKALAWANG ABA

Ang mga mensahe ng pagpuksa sa Apocalipsis 9 na dumarating sa atin mula kay Allah ay madaling makita sa mga salita na may kaugnayan sa ika-6 na trumpeta/kalungkutan. Ang Bibliya ay malinaw na nagsasaad na ang mga mensaheng ito ay mula sa "isang tinig na narinig mula sa apat na sungay ng gintong altar sa harapan ng Dios" sa santuwaryo ng langit. Ang sinoman ay may katiyakan na ang Dios ang nangangasiwa sa mga nangyayari sa mundo.

Kanino ba bumabagsak ang abang ito? Doon sa sistema ng relihiyon na nagsasamba sa mga diosdiosan na nabanggit sa ika-6 na trumpeta – yaong tumanggap nitong Banal na kaparusahan "at hindi nagsisisi" – ay siya ring sistema ng relihiyon na ating makikita sa huling kapanahunan, siya ring apostasiya ng Romanong kapapahan at yaong may malapit na ugnayan sa kanya. Ang sabi ng hula sa Apocalipsis ang sistema ng relihiyon na ito ay makikiisa sa bagsak nang mga Protestanteng Iglesia sa Amerika (ang bulaang propeta) at sila ay tatanggap ng saro ng galit ng Dios. Sa huli, sila'y parehong ibubulid sa dagat-dagatang apoy.

"At ang hayop (Papadong Roma at ang kanyang mga tagasunod/tagahanga) ay kinuha, kasama din ang bulaang propeta (mga bumagsak na Protestanteng iglesia ng USA) na gumawa ng mga milagro sa kanyang harapan, na siyang pinandaya sa mga nagsisitanggap ng tanda ng hayop at sa mga sumamba sa larawan nito: Ang 2 ito ay inihagis na buhay sa dagat-dagatang apoy na nagliliyab sa asupre" Injil Apocalipsis 19:20

Kaninong kamay ang ginamit ng Dios upang isagawa ang ika-2 aba? Muli nating nakita ang pagkakasanggkot ng mga Anak ng Silangan. "At humihip ang ika-6 na anghel, at narinig ko ang isang tinig mula sa apat na sungay ng gintong altar sa harapan ng Diyos, at nagsasabi sa ika-6 na anghel na may hawak na trumpeta, Kalagan mo ang apat na mga anghel na nagagapos sa malaking ilog ng Euphrates. At kinalagan ang apat na mga anghel, na nakahanda ng isang oras, at isang araw, at isang buwan, upang patayin ang ikatlong bahagi ng mga tao." Injil Apocalipsis 9:13-15

"Ang apat na anghel na binanggit dito, na kakalagan ay tumutukoy sa apat na dakilang Sultanya sa – Baghdad, Damascus, Iconium, at Aleppo – na siyang bumubuo ng puwersa ng mga Mohammedan (Islam) ng mga panahong yaon. Ang kahulugan ng utos na kalagan ang mga ito, sa madaling sabi ay pagpapakawala ng lahat ng elemento ng Mohammedanismo para sa huling pagbuwag ng [Silangang] Emperyo ng Roma." *A.T. Jones, Great Nations of Today,* 1902, p. 73.

Ang "isang oras, isang araw, isang buwan at isang taon" na itinakda upang patayin ang ika-3 bahagi ng mga tao" (Apocalipsis 9:15) ang siyang sumasaklaw sa kapanahunan ng ika-2 aba. Ang kalkulasyon ng "isang oras, isang araw, isang buwan, at isang taon" (ang "isang araw" sa propesiya ay katumbas ng isang taon sa ating bilang ng panahon) kung susumahin ay 391 na mga taon at 15 mga araw.

Isang Oras = ika-24 na bahagi ng isang araw (15 mga araw)

Isang Araw = 1 taon

Isang Buwan = 30 mga araw

Isang Taon = 360 na mga taon

Suma total: 391 (mga araw/taon) at 15 mga araw. Ang ika-2 aba/ika-6 na trumpeta ay nagsimula sa pagsasara ng ika-5 trumpeta noong Hulyo 27, 1449 at nagpatuloy sa paghina ng Ottoman Turkish na gobyerno noong Agosto 11, 1840. Sa petsang ito isinuko ng Emperyong Ottoman ang kanyang pamahalaan sa apat na kapangyarihan ng Europa. Sa pagitan ng dalawang petsang binanggit ay eksaktong 391 na mga taon at 15 mga araw. "…ang apat na mga sultanya ng Aleppo, Iconium, Damascus, at Baghdad, ang sentro ng lakas ng Emperyong Ottoman… Sa gayon ang kapangyarihan ng Emperyong Turks ay pinakawalan na. Ito ay pinakawalan ng isang oras, isang araw, isang buwan, at isang taon, O 391 na mga taon, 15 mga araw; sila'y magkakaroon ng lubos na kapangyarihan. Hulyo 27, 1449 dagdagan ng 391 na mga taon at 15 mga araw ay katumbas ng Agosto 11, 1840." Steven Haskell, Bible Hand Book for Prophecy, 1919, p.121.

Ating makikita na ang Islam, na kinatawanan ng Ottoman Turks ay naging kasangkapan ng Dios sa pagtupad ng propesiya ng Bibliya. Sa panahong ito ang mga Anak ng Silangan ay inutusan mula sa altar na ginto na nasa harapan ng Dios upang "patayin" ang ika-3 bahagi ng Emperyo ng Roma – na siyang "Griyegong" Emperyo na ang kapitolyo ay nasa Constantinople.

"Nang humihip ang ika-6 na trumpeta, inutusang alisin ang mga pagpapahigpit na meron sa bansa … at ang kanilang kapangyarihan ay pinalawak upang pahintulutang pumatay ng ikatlong bahagi ng mga tao…" *Uriah Smith, Daniel and Revelation*, 1987, sa Apocalipsis 9:15. Lubusan nilang tinupad ang propesiyang ito, at ang Constantinople ay nahulog sa kamay ng mga Muslim. Ang silangang emperyo ng Roma ay bumagsak. Ngayon ang siyudad na iyon ay Istanbul, Turkey.



Noong 1850 isang chart ang iginuhit at dito'y pinapakita ang mga Anghel ng Aba bilang Islam sa propesiya ng Bibliya sa Apocalipsis 9.

Ito'y palagiang paalala na ang mga propesiya ng Diyos ay talagang matutupad.

## ANG ISLAM AT ANG PROTESTANTENG REPORMASYON NG IKA-16 SIGLO

Sa panahon din ng ika-6 na trumpeta naganap ang Repormasyon ng ika-16 na siglo sa Europa. Ang ilan sa mga nasa loob ng bagsak nang iglesia ng Roma ay nakakita ng mga kamalian at

nag-protesta laban sa mga kamalian. Masigasig sa lahat ay ang pinunong Mufti ng Wittenberg, Germany – ang repormador na si Martin Luther.




Ito ay close up view ng 1850 Chart na naglalarawan sa una at ika-2 trumpetang may aba ng Apocalipsis 9 bilang mga Muslims. Sa mga sumunod na mga taon, ito rin ang naging pananaw ng karamihan ng mga Protestante ukol sa Apocalipsis 9.

Sa ilalim ng ika-6 na aba, ang Islam ay gumawa ng dakilang serbisyo para sa Dios sa pagbibigay ng proteksiyon doon sa mga nagnais tumakas sa mahigpit na paghawak ng Iglesia Romana.

Ang mga Historians ay nanagana sa ulat ukol sa serbisyong nagawa para sa gawain ng Dios sa panahon ng Protestanteng Repormasyon. Aming itinala dito ang ilang detalye ukol sa kung ano ang naisagawa ng Islam ayon sa utos ng Dios. Kaya nga ating napatunayan ang patuloy na ugnayan ng Anak ng Silangan at ng mga Espiritual na Israel na kinatawanan ng mga Protestante sa Europa.

"Asya ang humawak ng Sepro ng Kahanga-hangang si Soliman. Malimit nakikita ang kanyang mga kawal na umaaligid, na tila mga ulap na may kidlat, sa hangganan ng mga Kristiyano. Kapag may krisis sa gitna ng Repormasyon, at ang mga haring tapat sa Papa ay makiisa din ng kanilang mga espada sa pagpatay, ng isang sobrang lakas na hampas na hindi na kailangan pa ng pangalawa, ang mga Turks, na sumusunod sa Isang di nila Kilala, ay magpapakita sa dulo ng teritoryo ng Europa nang may kabangisan, anupa't ang mga espadang hinugot laban sa mga kawawang mga Protestante ay kinailangang ibaling sa iba. Ang mga Turks ang naging panangga upang malayo ang panganib. Sa gayo'y tinabingan ni Kristo ang Kanyang munting kawan sa pamamagitan ng pagsangga ng mga Muslim." J. A. Wylie, *History of Protestantism* Volume 1, p.474

"Pagtawid sa Hungary, ang mga sundalo ng Ottoman ay umupo sa harap ng mga pader ng Vienna isang linggo bago maganap ang Marburg Conference. Ang mga burol sa palibot ng kapitolyo ay namuti dahil sa kanilang mga tolda, at ang matatabang lupa sa ilalim ng mga pader, na kailanma'y di pa natapakan ng mga kabayo ni Mussulaman ay ngayo'y natapak-tapakan ng kanilang kabalerya. Ang mga sumalakay ay gumawa ng mga kanal, naghukay ng mga mina, nagpasabog ng mga kanyon, at nabutasan na ang mga pader. Ilang araw lang at ang Vienna ay susuko sa dami, sa liksi at tapang ng mga mandirigmang Ottoman, at isang wasak at may dugong bunton na lamang ang natira bilang tanda kung saan ito nangyari.

"Ang pinto ng Germany ay biglang bumukas, ang mga sumalakay ay kumalat sa Danube, at ibinaon ang bandilang Muslim sa gitna ng mga nasakop na mga siyudad at mga bumagsak na probinsiya ng buong Emperyo. Ang tanawin ay malagim, isang pagguho ng yelo ang tila nakahandang bumagsak sa lahat ng mga partido at ranggo ng Germany, at ito'y maaaring bumagsak ano mang oras, ng may di mapipigilang galit. "Kayo!" (tumutukoy sa mga Luterano), wika ng mga taga-sunod ng lumang paniniwala, "ang nagdala ng parusang ito (ng mga Turks) sa amin. Kayo ang nagpakawala ng mga anghel ng kasamaan, sila ay dumating upang parusahan kayo sa inyong maling panampalataya. Inalis ninyo ang pamatok ng Papa, ngayon ay inyong pasanin ang pamatok ng mga Turks." "Hindi", wika ni Luther. Ang Diyos mismo ang nagpakawala ng mga sundalong ito, na ang hari ay si Abaddon, ang maninira. Sila ay ipinadala upang parusahan tayo sa ating mga kasalanan, ang di-pagpapahalaga sa Ebanghelyo, ang pagkalapastangan, at higit sa lahat ang ating pagpadanak ng dugo ng mga matuwid." Ibid. p. 567 Ang mga Turks ang humawi ng kidlat ng Vatican at naging kalasag ng Europa." Ibid., Vol. 2, p.598.

"Ang mga Turks ang biglaang humarap upang iligtas ang Protestantismo sa Hungary, bagaman wala siyang alam sa serbisyong kaniyang ginawa. Ang Kahanga-hangang si Soliman, mula sa Constantinople noong ika-23 ng Abril 1526, ay nanguna sa isang malakas na army, na tumanggap ng karagdagan pang sundalo habang sila ay nag-martsa pasulong, at umabot sa 300,000 na mga sundalong Turks habang sila ay papalapit sa Hungary, na parang mapanirang kidlat."

Ang buong lupa ay nayanig sa takot. Si Haring Louis ay walang pera at walang mga sundalo, ang mga prinsipe ay nahati sa iba't-ibang pangkat; ang isip lang ng mga pari ay habulin ang mga Protestante, at ang karaniwang tao naman, na ipinagkaitan ng batas at kalayaan, ay walang espirito at kabayanihan. Si Zapolya, ang panginoon ng 72 na mga kaharian at pinaka-mataas na pangulo sa buong bansa, ay nag-antay, umaasa na kapag natalo ang hari siya ang tatawagin upang umupo sa bakanteng trono.

"Habang ang nakaka-kilabot na mga Turks ay papalapit, sapilitang pinagbabayad si Louis ng mga handog, at kung hindi ay ibabaon ang kanilang bandila sa kanilang mga simbahan, at papatayin siya at ang lahat niyang mga pangulo na parang pinatabang baka. Ang utos na patayin ang lahat ng mga Protestante ay nakapatupad pa, at ang mga mongha sa gitna ng maitim na bagyong nagmula sa Silangan, ang humimok sa mga tao na patayin ang mga Lutherano."

"…Sinikap pigilan ni Haring Louis ang pagsalakay ng maka-pangyarihang si Soliman. Nang ika-29 ng Agosto, ang kanyang kakaunting sundalong 27,000 ay sumalubong sa napakaraming sundalo ng Turks sa Mohacz, sa Danube. Ang puwersa ni Soliman ay 15 beses ang higit kay haring Louis. Ibinigay ni Louis ang pamamahala sa kanyang mga sundalo sa Arzobispo ng Cologne – isang Fransiscan na pari na mas sanay humawak ng sandata kaysa rosaryo, at nagtagumpay sa ilang mga labanan.

"Nang isuot ng hari ang kanyang balut-panangga ng umagang yaon ng digmaan, napansin na siya ay namutlang parang patay. Nahulaan ng lahat ang magaganap, "Narito paalis ang 27,000 na mga Hungarians," sinabi ni Bishop Perenyi, habang ang hukbo ay dumaan sa kanyang harapan… Pagsapit ng gabi ang kapatagan ng Mohacz ay puno ng mga patay na Hungarians, itinambak sa isang madugong bunton, 28 na mga prinsipe, 500 na mga dugong Maharlika, 7 mga Obispo at 20,000 na mga mandirigma ay malamig nang mga bangkay. Nakatakas ang hari at ang sugo ng Santo Papa sa lugar ng patayan. Si Louis ay kinailangang tumawid sa maitim na lawa ng tubig, at naitawid siya ng kanyang kabayo, ngunit pag-ahon nito sa kabilang pampang ay natumba patalikod ang kabayo at nadaganan nito si Louis at siya'y nailibing doon din sa putikan. Ang sugo ng Papa ay nahuli at pinatay rin. Nang matapos malupig ang kasundaluhan ng Hungarians, ang matagumpay na Soliman ay pumasok sa Hungary, at pinagpapatay ang 200,000 na naninirahan doon. Ang kalamidad na ito, na nagdulot ng tuwa sa buong Europa, ang siyang nagbigay kapahingahan sa mga Protestante. Ibid., Vol. 3, p. 221.

## ANG IKA-3 ABA; ANG IKA-7 AT HULING TRUMPETA

Simula noong Oktubre 22, 1844 ang huli sa mga trumpeta sa Injil Apocalipsis 8, 9 at 10 ay humihihip na sa mundong ito. Tayo ay nasa panahon ng ika-3 at huling aba, ang ika-7 at huling trumpeta. " Sa mga araw ng tinig ng ika-7 anghel, kapag siya'y mag-umpisang humihip, ang misteryo ng Diyos ay matatapos na, ayon sa Kanyang mga salita sa Kanyang mga alipin na mga propeta." Apocalipsis 10:7

Sa ngayon, sa pagsasara ng kasaysayan ng tao, ay ating nakikita na ang Islam ay muling nagiging malaking puwersa sa mundo. Ang gawain ng mga "balang" sa ika-3 at huling aba ay malamang na magiging kapareho ng naunang dalawang trumpetang may aba. Alam natin na ang "apat na mga anghel" na pinakawalan noong ika-2 aba ay "nakahanda" sa kanilang gawain, sila'y inayos; inihanda at dinisiplina– upang gampanan ang isang dakilang gawain. Sa mga Turks, ito ay nangangahulugan na ang paghahanda sa huling gawain na kanilang ginawa, ay patuloy na nangyari habang ang kapangyarihan nila ay pinalakas at pinagkaisa." *Barnes' Commentary on Revelation*, p. 264, in Walter E. Straw, *Studies in Revelation*, pahina 67-68.

Di ba kaya ang mga "balang" sa hinaharap ay magiging mas matinding maninira? Isang bagay ang tiyak. Ang puntirya ng mga "balang" ay yaong mga tumalikod sa katotohanan ng salita ng Diyos habang nag-aangking sila'y mga anak ng Dios – isang relihiyosong sistemang tumalikod sa Dios – yaong may malapit na ugnayan sa Kapapahan ng Roma.

Meron pa kayang mga hatol mula sa Dios na darating sa sanlibutang ito? Samantala, sa ilalim ng huling trumpetang ito, ang malawakang paghatol ng langit ay magaganap, at pagkatapos, ang pinto ng awa ay magsasara. At di magtatagal, si Isa al-Masih Ibn Maryam ay makikitang babalik upang buhayin muli ang mga matutuwid, at dadalhin Niya ang mga

tapat pabalik sa langit.

Nararapat na ang buong sanlibutan ay manumbalik sa lubusang pagpapasakop sa Diyos, sa Kanyang Banal na Batas, at kay Isa Al Masih, na Siyang ipinadala bilang ganap na kabayaran ng kasalanan ng buong sanlibutan. Sa pamamagitan ni Isa Al Masih ipinahayag ang awa ni Allah. Sa pamamagitan niya ang katuwiran ni Allah ay ipinagkaloob sa atin. Hindi natin taglay ito, ngunit ipagkakaloob ito sa lahat ng tatanggap kay Isa Al Masih at sa Kanyang gawain ng pagliligtas. Ang Kanyang pamamaraan ay laging gumagabay sa atin sa pagsunod sa mga banal na utos ng Dios.

## ISAIAS 60: GANAP NA PAGSUKO KAY ALLAH

Sino ang magpapasakop kay Allah at sa Kanyang mga pabalita ng katotohanan? Ayon kay Isa al-Masih, Siya ang Pastol ng mga tupa, ibig sabihin Siya ang ipinadala upang gabayan ang bayan ng Diyos sa mundong ito. Si Dawud sa Kitab Zabur ay nagsabi:

"Ang Panginoon ang aking Pastol… "Kitab Zabur Psalmo 23:1. Sabi ni nabi Isa, "ako ang mabuting Pastol: ang mabuting pastol inaalay ang buhay niya alang-alang sa mga tupa." Kitab Injil Juan 10:11

At dagdag ni Isa al-Masih, "at mayroon Akong ibang mga tupa na hindi bahagi ng kawang ito: sila ay kailangan ko din kunin, maririnig nila ang Aking tinig; at magkakaroon ng iisang kawan, at isang pastol." Injil Juan 10:16

Ang tanong ay, sino ang "iba pang mga tupa" na nais dalhin ni Isa sa loob ng Kanyang kawan? Ang sagot ay malinaw mula sa sulat ng isang matandang propeta:

"Tatakpan ka ng karamihan ng kamelyo, ng mga dromedario sa Midian at Ephah; lahat sila na mula sa Sheba ay paparito: magdadala sila ng mga ginto at insenso; at magtatanyag ng kapurihan ng Dios. Lahat ng kawan ng Kedar ay matitipon sa iyo, ang mga lalaking tupa sa Nebaioth ay maglilingkod sa iyo: at sila ay katanggap-tanggap sa Aking altar, at Aking luluwalhatiin ang bahay ng Aking kaluwalhatian."Taurat Isaias 60:6-7

Sino si Kedar, at sino naman si Nebaioth, Midian, Ephah at Sheba?

"At ito ang mga pangalan ng mga anak ni Ismail, ayon sa kanilang mga pangalan, ayon sa kanilang mga lahi: ang panganay ni Ismail, Nebajoth, at Kedar, at Adbeel, at Mibsam, at Mishma, at Dumah, at Massa, Hadar, at Tema, Jetur, Naphish, at Kedemah: Ito ang mga anak ni Ismail…Genesis 25:13-16

"At muli si Abraham ay kumuha ng asawa, ang pangalan niya ay Keturah. At kanyang binigyan siya ng mga anak na si Zimran, at Jokshan, at Medan, at Midian, at Ishbak, at Shuah. At isinilang ni Jokshan si Sheba, at si Dedan. At ang mga anak ni Dedan ay sila Asshurim, at Letushim, at Leummim. At ang mga anak ni Midian; si Ephah, at si Epher, at si Hanoch, at si Abida, at si Eldaah..." Kitab Taurat Genesis 25:1-6

Silang lahat ay ipinadala ni Abraham sa Silangan bago siya mamatay. Sila ay nagsipag-asawahan sa isa't-isa at nakilala ng pangkalahatan bilang "mga Anak ng Silangan". Isang halimbawa, si Esau na anak ni Isaac, ay napangasawa ang anak na babae ni Ismail.

"…at naparoon si Esau kay Ismail, at nag-asawa kay Mahaleth, ang anak ni Ismail, na anak ni Abraham, na kapatid na babae ni Nebajoth." Taurat Genesis 28:8-9

Ang Isaias 60:6-7 ay tumutukoy sa huling panahon. Sa bagong contextong ito, ang mga "Anak ng Silangan" ay muling nabanggit. Sa pagkakataong ito sila ay kasama sa mga masigasig sa pagsunod sa Dios. Tunay na ang mga anak ni Nebajoth, ni Kedar, ni Sheba, ni Midian, ni Ephah, Ni Dumah at iba pa ay binanggit. Muling ipinakikita na ang mga anak ng silangan, kasama ng mga naniniwala sa Biblia, na tapat kay Allah at hindi isinantabi ang Aklat at hindi nakisama sa tangkang pagpalit sa mga Salita ni Allah ay pawang gaganap ng isang mahalagang bahagi. Ang dalawang grupong ito ay magpapakita ng pagkakaisa sa mga huling yugto ng kasaysayan ng mundo. Maliwanag bang makikita ng mga anak ng silangan sa huling panahon na may mga taong kabilang sa "naniniwala sa Aklat" na tapat at pinagpala ni Allah? Ang sumulat ng babasahing ito ay may malalim na paniniwala na ang mga tunay na "naniniwala sa Aklat" ay ang mga Seventh-Day Adventists. Kilalanin mo ang isa sa kanila…. Malamang na sa ating panahon ang mga anak ng Silangan ay magsasabi, 'Malinaw naming nakita na ang Panginoon ay sumasainyo; at kami ay nagsabi, tayo ay magsumpaan, kami at kayo at makikipagtipan kami sa inyo." Taurat Genesis 26:28

## ANG PASANIN NI DUMAH

"Ang pasanin ni Dumah: May tumatawag sa akin mula sa Seir, Bantay anong nangyari sa gabi? Bantay anong nangyari sa gabi? Sinabi ng bantay, Ang umaga ay dumarating at gayon din ang gabi: kung kayo'y mag-uusisa, mag-usisa: Parito." Isaias 21:11-12

Sino si Dumah? Muli tayong bumaling sa Taurat upang malaman na si Dumah ay isa sa mga anak na lalake ni Ismail mula sa Silangan, na itinala ng matandang propetang si Isaias. Nang binanggit ni Isaias si Dumah, siya ay patay na ng higit sa 800 na mga taon. Kung walang ugnayan si Dumah sa kapanahunan ni Isaias, kung gayon ang lahat ng ito ay may kinalaman sa huling panahon natin ngayon.

" Ngayon ang lahat ng mga ito … ay isinulat para sa ating paalala, sa mga dinatnan ng katapusan ng mga panahon." Injil 1 Corinto 10:11

Si Dumah ay dalawang beses nagtanong sa taga-bantay, "kumusta ang gabi?" Noong una, ang mga taga-bantay ay naka-puwesto sa mga pader ng lumang Jerusalem. Sila'y nagbibigay ng babala sa mga tao na papalapit ang mga kaaway. Ang mga taga-bantay ay hindi dapat maidlip o matulog habang sila ay nasa tungkulin…

Sa ngayon ang mga taga-bantay sa mga pader ay walang iba kundi silang binigyan ng Banal na Aklat, upang ihayag sa sangkatauhan at hindi itago. Ang mga tapat na taga-bantay sa araw natin ngayon ay magbababala sa buong mundo, maging sa mga anak ng silangan, na may isang malaking sistema ng pandaraya upang linlangin ang mga anak ng Diyos sa lahat ng mga bansa. Ang mga Seventh-day Adventists ay nagbibigay babala sa mga bansa sa buong sanlibutan ukol sa isang kapangyarihang, kumikilos sa buong mundo sa pamamagitan ng relihiyosong kasinungalingan at di-pangkaraniwang panlilinlang na malapit nang lumipol sa milyun-milyon patungo sa habang-buhay na kapahamakan kung sila ay hindi mababalaan. Bilang sagot sa tanong ni Dumah, 'kamusta ang gabi?' ang mga Seventh-day Adventist na taga-bantay ay may kaalaman na "ang umaga ay darating." Kanilang ibinabalita ang walang-katapusang umaga ng dakilang araw ng Diyos kapag si Isa al-Masih ay magpakita na sa mga ulap at ang lahat ng mga mata ay makakakita sa Kanya.

"Narito, siya'y pumaparitong may mga ulap: at ang bawat mata ay makikita siya, at ng ngsiulos sa kaniya at ang lahat ng mga lahi sa buong mundo ay iiyak dahil sa Kanya. Gayon din, Amen." Kitab Injil Apocalipsis 1:7

Nalalaman ng mga taga-bantay na sa huling panahon, sa pagbalik ni Isa al-Masih, ang mga libingan ay magbubukas. Magaganap ang pangkalahatang pagkabuhay na muli mula sa mga libingan. Sabi ni Isa al-Masih (AS),

"Huwag magtaka: ang oras ay darating, na ang lahat ng nasa mga libingan ay makakarinig ng kanyang tinig, at sila ay magsisibangon; sila na gumawa ng mabuti, ay mabubuhay muli sa may buhay; sila naman na gumawa ng masama, ay mabubuhay muli sa kapahamakan." Injil Juan 5:28-29

Ang mga bantay na Seventh-day Adventists sa una'y magpapahayag ng mabuting balita ng parating na araw na walang-katapusan at kung paano makapag-hahanda sa araw na yaon. At pagkatapos ay ihahayag din nila ang parating na gabing walang-katapusan. Ang walang-katapusang dilim na iyon ay nakalaan para sa mga nagkaisa sa pagsalungat sa Utos ng Dios at sa patotoo ni Hesus. Ang mga taga-bantay ay magsasabi na ang maliligtas sa mga bitag ni Satanas ay siyang may pananampalataya ni Hesus, na ito'y Kanyang matuwid na ugali at Kanyang matuwid na buhay na kanilang ginaya sa kanilang buhay. Ngayon, habang ang panahon ay maayos pa, ay panahon na upang makilala natin Siya. Araw-araw tayo ay nararapat manalangin at magbasa ng Banal na mga Aklat, upang sa panahon ng krisis, tayo ay handang sumalubong kay Isa al-Masih ng may kapayapaan at tayo'y madamitan ng Kaniyang Katuwiran.

"At ito ang ating magiging katuwiran, kung ating susundin ang lahat ng mga utos sa harapan ng Panginoon na ating Diyos, ayon sa Kanyang iniutos sa atin." Taurat Deuteronomio 6:25

Sila na susunod ay "magsisipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya sa pamamagitan ng katuwiran ng Dios at ng ating tagapagligtas na si Jesucristo…" Kitab Injil 2 Pedro 1:1

Ang nararapat na dakilang pasanin ng bawat kaluluwa ay, ang aking puso ba ay nabago? Ang aking kaluluwa ba'y naiba? Ang akin bang mga kasalanan ay napatawad sa pamamagitan ng pananampalataya ko kay Isa al-Masih? Ako ba'y may bagong buhay mula sa Espiritu ni Allah? Ako ba'y tumutugon sa paanyaya, "Pumarito kayo sa Akin, lahat kayo na napapagal at nabibigatan, at bibigyan Ko kayo ng kapahingahan" Mateo 11:28? …Inaari mo bang walang saysay ang lahat maliban sa ganap na pagkakilala kay Kristo? Nararamdaman mo ba na tungkulin mong paniwalaan ang bawat salita mula sa bibig ng Dios?

"…Datapwa't kilalanin na ang Panginoon na iyong Dios, Siya ang Dios, matapat na Dios, na tumutupad ng tipan at awa sa kanila na umiibig sa Kanya at tumutupad ng kaniyang mga

utos hanggang sa isang libong salin ng lahi." Kitab Taurat Deuteronomio 7:6-9

Ang taga-bantay ay magsasabi, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat salita na nagmumula sa bibig ng Dios" Kitab Injil Mateo 4:4

## ANG PROPESIYA NG BIBLIYA TUNGKOL SA ARABIA

"Isang hula tungkol sa Arabia: Kayong mga naglalakbay mula sa mga Dedanites, na naninirahan sa mga masukal na dako ng Arabia, magdala ng tubig sa mga nauuhaw; kayong nakatira sa Tema, magdala ng pagkain para sa mga tumakas. Sila ay nagsi-takas mula sa espada, mula sa hinugot na espada, mula sa kilong pana at sa init ng digmaan." Kitab Taurat Isaias 21:13-15

Ito ba ay tumutukoy sa panahong tatawagin ni Allah ang panganay na kapatid na si Ismail upang magdala ng tinapay at tubig doon sa mga tumatakas mula sa espirituwal na digmaan sa mga huling araw? Tila nga. Maaaring ito rin ay tumutukoy sa darating na panahon na ang mga mula sa Kanluran ay nararapat tumakas mula sa mga gustong magpatupad ng 'tanda ng hayop." Sila ay napilitang tumakas, dahil ayon sa hula sila ay di makakabili o makakabenta, kaya saan sila tatakbo? Marahil ang mga taong mula sa Silangan ay magbubukas ng kanilang mga puso at buhay, upang kupkupin sa kanilang mga bahay yaong mga tumatakas upang mailigtas ang kanilang mga buhay. Magkakaroon ba ng nagkakaisang kilos ang mga tapat kay Allah at sa kanyang kalooban na tumulong sa panahong ito ng matinding pangangailangan? Tila. Para sa lubos na kaalaman sa mga mangyayari sa huling panahon, ikaw ay hinihimok na magbasa ng aklat na The Great Controversy na isinulat ni E. G. White. Ang aklat na ito ay kailangang basahin para sa dagdag na kaalaman ukol sa mga huling araw na ating kinabubuhayan ngayon.

## SI HESUS SA AL QUR'AN

Marami ang taos-pusong nagtatanong kung sino si Hesus/Isa al-Masih ibn Maryam? Ano ang sinasabi ng Marangal na Qur'an at ng mga Banal na Aklat tungkol sa Kanya?

Si Hesus/Isa ang "daan" (al sirat mustaqueem) S. Az-Zukhruf 43:61

Si Hesus/Isa ang "katotohanan" (al haq): S. Maryam 19:34.

Si Hesus/Isa ang "buhay"(Min Rouhina): Sura 21:91, 66:12

"Sinabi ni Jesus sa kaniya, Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay: walang sino man ang makakalapit sa Aking Ama, kundi sa pamamagitan Ko." Juan 14:6

Ang mga sumusunod ay mga hula tungkol kay Isa sa pamamagitan ni propeta Isaias mahigit 700 na taon bago pa isilang si Isa al-Masih:

"Kaya't ang Panginoon mismo ang magbibigay sa iyo ng tanda; Narito, isang birhen ang maglilihi, at manganganak ng isang lalake, at tatawaging Immanuel." Isaias 7:14

Maraming taon na ang nakalipas, may mga taong mula sa Silangan ng Herusalem ang nag-aral ng mga sinaunang Kitab na sinulat sa wikang Hebreo. Napansin nila ang isang di-pangkaraniwang bituin" sa Silangan at naalala nila ang mga salita na kanilang nabasa sa Banal na Aklat: "…Lalabas ang isang Bituin mula kay Jacob…'(Taurat Bilang 24:17). Nakilala nila ang bituing ito bilang tanda mula kay Allah na Siya ay magpapadala ng isang espesyal na tao sa mundo. Nang sila ay nag-aral ng mga hula kaugnay kay Isa al-Masih Ibn Maryam, sila ay naniniwala na binigyan sila ni Allah ng malinaw na pahiwatig na ang natatanging taong ito ay naparito na sa lupa. Naudyukan ang matatalinong taong ito na maglakbay kung saan sila dadalhin ng "bituin" na ito. Dinala sila ng bituin sa Herusalem. Pagdating doon, tinanong nila ang mga Hebreo, "Nasaan Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo? Sapagkat aming nakita ang Kanyang bituin sa Silangan, at kami ay pumarito upang sambahin Siya." Kitab Injil Mateo 2:2



"Sila ay sumagot … 'Sa Bethlehem ng Judaea: sapagkat ito ang isinulat ng propeta…'" Kitab Injil Mateo 2:5

"At ikaw, Bethlehem Ephratah, na pinakamaliit sa libu-libo ng Judah, mula sa iyo ay lalabas ang isang mamumuno sa Israel; at ang pinagmulan niya ay mula noong una, mula walang hanggan." Kitab Taurat Micah 5:2

Kaya sila ay naglakbay patungong Bethlehem, at ang bituin ay muling lumitaw at ginabayan sila sa bahay kung saan naroroon si Isa. "Sila ay pumasok sa bahay at nasilayan ang bata kasama ang kanyang ina, si Maryam, at sila ay yumuko at sumamba sa Kanya. Binuksan nila ang kanilang baol-yaman at ibinigay sa Kanya ang mga regalo na ginto, insenso, at mira." Kitab Injil Mateo 2:11

Ang Marangal na Qur'an ay nagsasabi na si Isa al-Masih ay isang espesyal na tao na himalang pinaglihi (sa Espiritu Santo), sa pamamagitan ng isang birhen na si Maryam na sinalita at naging tao (fayakun).

"Siya [Maryam]ay nagsabi: 'O aking Panginoon! Papaano ako magkakaroon ng anak gayong ako'y hindi pa nagagalaw ng lalaki? Si (Allah) ay nagwika; "Ito ay magaganap, sapagkat si Allah ay lilikha ng Kanyang maibigan. Kung Siya ay magtalaga ng plano, Siya ay magwiwika lamang: "Mangyari nga!" at ito ay magaganap.'" S. Al-'Imran 3.47

"At (alalahanin) siya (Maryam), na nag-ingat ng kaniyang kapurihan; siya ay aming hiningahan ng aming Ruh (espiritu) at siya at ang kanyang anak (Hesus) ay ginawa naming isang Tanda sa lahat ng tao." S. Al-Anbiya' 21.91

"Ganito ang pagkakasilang ni Hesus ang Mesiya: ang Kanyang ina na si Marya ay itinalaga na mapapangasawa ni Jose, ngunit bago pa man sila nagsama, siya ay natagpuang buntis sa pamamagitan ng Banal na Espiritu." Mateo 1:18

Ang Injil ay nagpapatunay sa propesiya ni Isaias na si Isa al-Masih (AS) ay isisilang mula sa isang birhen.

"Sa ika-6 na buwan ng pagbubuntis ni Elizabeth, pinadala ng Dios ang anghel na si Gabriel sa Nazareth, isang bayan sa Galilee, sa isang birhen na itinalagang mapa-pangasawa ni Jose, mula sa lahi ni David. Ang pangalan ng birhen ay si Maryam. Ang anghel ay lumapit sa kanya at nagsabi, 'Binabati kita, ikaw na labis na pinagpala! Si Maryam ay lubhang naguluhan sa kanyang mga sinabi at nagtaka kung anong uri ng pagbati ito. Subalit nagsabi ang anghel sa kanya, "huwag kang matakot, Maryam; ikaw ay nakitaan ng kagandahang-loob ng Diyos. Ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki, at tatawagin mo Siyang Hesus. Siya ay tatawaging Anak ng Kaitaastaasan."

"Paano ito mangyayari, " sagot ni Maryam, "ako ay isang birhen."

"Sumagot ang anghel, 'ang Banal na Espiritu ay darating sa iyo, at ang kapangyarihan ng Kaitaasan ay ibibigay sa iyo. Kaya ang Banal na iyong isisilang ay tatawaging Anak ng Diyos." Injil Lucas 1:26-35

## ISA, HANDOG NA BANAL NA ANAK

"[Ang Anghel ng Dios] ay nagsabi: 'Ako ay isa lamang mensahero mula sa Dios, (upang ibalita) sa iyo ang handog na isang Banal na Anak." S. Maryam 19:19

Siya ay Espiritu ni Allah (Rouhana Allah): S. Maryam19:17, S. Al-Anbiyaa' 21:91, S. Al-Tahrim 66:12.

Espiritu ni/mula kay Allah (Rouh minhu Allah): S. An-Nisaa' 4:171.

Pinatatag/ginabayan (aayadhu) ng Banal na Espiritu (Ruh al-Qudus): S. Al-Baqara 2:87, 2:253, S. 5:110.

"…Binigyan namin si Isa na anak ni Maryam ng malinaw na tanda at pinalakas Siya ng Banal na Espiritu...." S. Al-Baqara 2.87

"At sasabihin ni Allah: 'O Hesus na anak ni Maryam! Iyong alalahanin ang Aking kagandahang-loob sa iyo at sa iyong ina. Ikaw ay Aking pinalakas sa pamamagitan ng Ruh al-Qudus (Banal na Espiritu)…Itinuro ko sayo ang Kitab (Biblia), ang Al-Hikmah (karunungan), ang Torah (mga Batas) at ang Injil (Ebanghelyo)…pinagaling mo ang mga bulag, at ang mga ketongin sa Aking pahintulot; at iyong binuhay ang patay " S. Al-Ma'ida 5.110

Si Isa al-Masih ang Injil o masayang balita mula kay Allah.

"Masdan! Sabi ng mga anghel: O Maryam! Si Allah ay naghahatid sa iyo ng masayang balita, ang Kanyang pangalan ay Isa (Hesus) na anak ni Maryam, na pinarangalan sa mundong ito at sa kabilang buhay, at kasama sa mga pinakamalapit kay Allah." S. Al-'Imran 3.45

"At sinabi ng anghel sa kanila, huwag matakot. Sapagkat dala Ko sa inyo ang mabuting balita ng dakilang kagalakan, na ibibigay sa lahat ng tao." Injil Lucas 2:10

Si Isa ang Salita ni Allah (kalimatu Allah); Kanyang Salita: S. Al-'Imran 3:39, 3:45, S. 4:171

"…Si Hesukristo na anak ni Maryam… mensahero ni Allah, at Kanyang Salita"S. An-Nisaa' 4.171

"Nang simula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios." Injil Juan 1:1

"At naging tao ang Verbo at tumahang kasama natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, na gaya ng sa bugtong ng Ama, na nagmula sa Ama, puno ng biyaya at katotohanan." Juan 1:14

Si Isa al-Masih ay: anak na dalisay, walang sala (zakiyyah) matuwid: S. Al-'Imran 3:46, 19:19

Walang kapalaluan o kasamaan: S. Maryam 19:32

Matuwid (saliheen): S. Al-'Imran 3:46, S. Al-An'am 6:85

Pinakamalapit kay Allah (muqarrabeen, isang espesyal na karangalan); Siya ang malinaw na natatanging binigyan ng gayong posisyon: Sura 3:45.

"Ang Diyos, na nang unang panahon ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, at

nagsalita sa atin sa huling araw na ito sa pamamagitan ng Kaniyang Anak na kanyang itinalagang tagapagmana ng lahat ng bagay at sa pamamagitan din niya'y nilikha ang sanlibutan; na Siyang kaliwanagan ng Kanyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng Dios, at pinagtibay ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang mga salita, matapos Niyang linisin ang ating mga kasalanan, ay naupo sa kanang kamay ng Kamahalan sa Kaitaasan." Injil Hebreo 1:1-3

Si Isa al-Masih ang pinaka-malinaw na larawan ni Allah, upang ipakita sa sangkatauhan kung ano ang pag-uugali ni Allah, at upang ipakita din kung paano tayo mamumuhay. Kung gayon malinaw na nakita si Allah sa buhay ni Isa al-Masih (AS).

Si Isa ay tagapamagitan /marangal (wajihan or wajih) ngayon at magpakailanman. (Ito ay nag-iisang katangian na ibinigay lamang kay Isa al-Masih at Musa, na kapansin-pansin na silang dalawa ang nagbigay ng mga tipanan.): S. Al-'Imran 3:45

Siya ay tagapamagitan (shafa'a) S. Al-Baqara 2:255, S. 21:28

"Sapagkat may isang Dios at isang Tagapamagitan na maaaring ipagkasundo ang Dios at ang sangkatauhan – ang taong si Kristo Hesus." Kitab Injil 1 Timoteo 2:5

Ito ay katuparan sa isang lumang hula ni Isaias:

"Kaya't hahatian ko siya[Isa al-Masih] ng bahagi kasama ng mga dakila, at kanyang hahatiin ang mga samsam kasama ng malalakas, sapagkat ibinuhos Niya ang Kanyang buhay sa kamatayan, at isinama siya sa mga makasalanan. Sapagkat dinala niya ang kasalanan ng marami, at namagitan para sa mga makasalanan." Isaias 53:12

Siya ang tuwid na daan (siratun mustaqueem): S. Al-'Imran 3:51, S. Az-Zukhruf 43:61

Ibinigay sa Kanya ang mga sikreto ng di-nakikita (ghyab) (supernatural): S. Al-'Imran 3:44

Ang pabor ni Allah ay nasa Kanya: S. Al-Ma'ida 5:110, 43:59

Pinagpala (mubarak) Siya ni Allah saan man Siya : S. Maryam 19:31

Binigyan siya ng karunungan at rebelasyon ng Lumang Tipan at ng Injil S. Al-'Imran 3:48, S. Al-Baqara 2:136, S. Maryam 19:30, S. Az-Zukhruf 43:63, S. 57:27

Ipinahayag ni Allah ang Kanyang kalooban kay Hesus/Isa: S. An-Nisaa' 4:163

Kagaya ng (at siyang pangalawang) Adan: Sura 3:59

Tinawag na Mesias: S. Al-'Imran 3:45, Sura 4:157, 4:171, 4:172, S.5:17(2x),5:72(2x),5:75,9:30, 9:31

Siya ang kahabagan mula kay Allah(rahmatun): Sura 19:21

Isang malinaw na tanda (be-yinat, ibig sabihin "malinaw at walang duda") sa tao(sangkatauhan): Sura 2:87, 19:21, S. 21:91, S. 43:61

Pinagaling Niya ang mga bulag at mga ketongin: Sura 3:49, 5:110

May kapangyarihang buhayin ang patay: S. Al-'Imran 3:49, S. 5:110

Himalang nagdala ng pagkain sa lupa mula sa Langit: S. 5:112–115

Nag-isip ng masama ang mga tao (laban sa Kanya):S. Al-'Imran 3:54

Siya ay pinaratangan: Sura 3:55

Namatay Siya (mutawafeka ay hango sa Arabic na (verb) ***tawwafa*** (ipinapatay) habang ang ***amutu*** ay may ugat sa ***mata*** (namatay), Sura 3:55, 4:159, 5:117, 19:33

"Namatay para sa di-maka Diyos:" Kitab Injil Roma 5:6

"Namatay si Kristo para sa atin…." Kitab Injil Roma 5:8

"Namatay at nabuhay…."Kitab Injil Roma 14:9

"Si Kristo ay namatay para sa ating kasalanan."Injil I Corinto15:3

Binuhay muli mula sa mga patay (yum uba'athu): Sura 19:33

Umakyat sa langit papunta kay Allah: S. Al-'Imran 3:55, 4:158

Babalik sa araw ng paghatol (yum al-qiyama): Sura 3:55, 4:159, 43:61

Isang tanda at nalalaman ang oras ng paghatol: S. Az-Zukhruf 43:61

Isang mensahero/apostol (rasul): S. An-Nisaa' 4:157, Sura 5:75

Isang propeta (nabiyyun) ni Allah (SWT): S. Maryam 19:30

Isang lingkod (abd Allah) ni Allah Sura 4:172, 19:30, 43:59

Isang matapat (shahid) na saksi ni Allah: S. An-Nisaa' 4:159, 5:117

Ang kapayapaan (salaam) ay nasa Kanya: S. Maryam 19:33

Ang mga alagad ay katuwang ni Allah (ansar Allah) sa mga pagpapahayag kay Hesus/Isa: S. Al-'Imran 3:52, S. As-Saff 61:14

Ang mga alagad ay saksi sa katotohanan ni Hesus/Isa: S. Al-Ma'ida 5:113

Tayo ay inatasang sumunod sa Kanya (atee'uon): Sura 3:50, 43:63

## SINO SI ISA AL-MASIH IBN MARYAM?

Siya ang sakdal na larawan ni Allah, Diyos na nagkatawang-lupa. Sa pamamagitan Niya tayo ay magkakaroon ng malinaw na pang-unawa kung sino talaga ang Dios.

"Si Kristo Hesus ang… pinakamalapit kay Allah." S. Al-'Imran 3:45

"Walang pang nakakita sa Dios. Maliban sa bukud-tangi at Nag-iisang [Isa al-Masih]…na malapit sa puso ng Ama. Ipinahayag niya ang Diyos sa atin." Injil Juan 1:18

Si Isa al-Masih lamang ang nag-iisang pinaka-malapit, at siyang nasa presensya ni Allah.

"Walang sinomang nakakita sa Ama maliban siyang mula sa Dios; Siya lamang ang nakakita sa Ama." Kitab Injil Juan 6:46

Ipinakikilala ni Jesus ang Ama sa pamamagitan ng Kanyang buhay.

"Sabi ni Hesus sa kanya, Matagal nang ako'y inyong kasama, at ako'y hindi mo nakikilala Felipe? Ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama ; paanong sinasabi mo, Ipakita mo sa amin ang Ama? Juan 14:9

"Walang sinomang nakakita sa Dios kailanman, ang tanging bugtong na Anak, na nasasa Ama. Siya ang nagpahayag sa Dios." Injil Juan 1:18

"At nagkatawang tao ang Verbo at tumahan kasama natin. At nakita natin ang Kanyang kaluwalhatian, gaya ng sa bugtong ng Ama, na pumarito mula sa Ama, na puspos ng biyaya at katotohanan." Kitab Injil Juan 1:14

"Sapagkat sa Kanya nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa katawan." Colosas 2:9

Kaya nga masasabi natin na kung si Isa al-Masih ang "salita ni Allah", hindi lang mahalaga kundi nararapat na malaman natin agad kung ano ang itinuro ni Isa al-Masih! Ang marangal na Qur'an at ang Biblia ay kapwa nagtuturo na si Isa al-Masih o Kristo Hesus ang Mesiya, ang Siyang Salita ni Allah! Sa awa sa lahat ng tao, si Isa al-Masih ay ipinadala upang ipakita sa atin, sa pamamagitan ng halimbawa at ng Kanyang personal na turo, kung sino ang Dios. Siya ay naparito upang ipakita sa atin ang daan patungo sa langit. Kung nais nating malaman at maunawaan si Allah, kinakailangan nating basahin kung ano ang mga itinuro ni Isa at kung paano Siya namuhay dito.

## ANO ANG MGA ITINURO NI ISA AL-MASIH (AS)?

Isang maikling paglalarawan lamang ng kanyang turo ang maibibigay namin dito. Ang aming payo sa bumabasa nito ay humanap ng sariling kopya ng Kitab Injil, at basahin sa kaniyang sariling wika. Maliwanag na kay Hesus ipinagkaloob ang Injil, o "mabuting balita mula sa Dios." Para sa libreng download ng Injil, hanapin sa: www.e-sword.org

"…Ipinadala Namin sa kanila si Hesus, anak ni Maryam, at ibinigay Namin sa kanya ang Ebanghelyo at itinalaga Namin sa puso ng mga sumusunod sa kanya ang Aming Kalinga at Habag… subalit marami sa kanila (tagasunod ni Hesus) ay rebelde at hindi sumusunod." S. Al-Hadid 57.27

"Siya ang nagpadala sa iyo sa katotohanan, ng Aklat, na nagpatotoo sa mga ipinahayag noong una. At ipinadala niya ang Torah [ni Moses] at ang Injil (ni Hesus) bago dito, bilang gabay sa mga tao, at ipinadala Niya ang batayan (ng paghatol sa pagitan ng mabuti at masama). S. Al-'Imran 3.3

"At sa kanilang yapak (mga naunang propeta) ay isinugo namin si Hesus, ang anak ni Maryam, na nagpatotoo sa Torah at ibinigay namin sa kanya ang Injil: dito'y may gabay at liwanag, at katunayan ng Utos na nauna sa kanya:isang patnubay at paalala sa mga may takot kay Allah" S. Al-Ma'ida 5:46

"At kung sila (na may mga Biblia) lamang ay sumunod sa (Utos), sa Injil, at sa lahat ng ipinahayag sa kanila ng Panginoon, sila sana ay puspos ng kaligayahan sa bawa't dako. Mayroong ilan sa kanila na nasa tamang landas, datapwa't marami sa kanila ang sumusunod sa maling landas" S. Al-Ma'ida 5:66

"Sabihin: o kayong may Biblia! Wala kayong matatayuan malibang kayo'y humawak sa mga Utos, sa Injil at lahat ng ipinahayag sa inyo ng Dios' Ang mga ipinahayag sa inyo ng Dios ang nagdagdag sa marami sa kanila ng katigasan ng ulo at paglapastangan..." S. Al-Ma'ida 5:68

Sa Injil ay ipinahayag ang kalooban ni Allah para sa lahat ng tao. Lalo na ang Kitab Mateo 5-6 ay nararapat pag-aralang mainam.

"At pagkakita niya sa karamihan ay umahon siya sa bundok: at pagkaupo niya ay lumapit sa kanya ang mga alagad. At nagsalita siya at nagsabi, 'Mapapalad ang mga mapagpakumbabang loob: sapagkat kanila ang kaharian ng langit. Mapapalad ang nahahapis sapagka't sila'y aaliwin. Mapapalad ang maaamo sapagka't mamanahin nila ang lupa. Mapapalad ang nagugutom at nauuhaw sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin. Mapapalad ang maawain sapagka't sila'y kahahabagan. Mapapalad ang mga may malinis na puso sapagka't makikita nila ang Dios. Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios. Mapapalad ang mga inuusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian

ng langit. Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura at kayo'y inuusig, at kayo'y pagwikaan ng sari-saring masamang paratang dahil sa akin. Magalak kayo, at magsayang mainam sapagkat malaki ang ganti sa inyo sa Langit. Sapagka't gayon din ang pag-usig nila sa mga propetang nauna sa inyo.

'Kayo ang asin ng lupa, ngunit kung ang asin ay wala nang alat, ano ang ipagpapaalat? Ito ay wala ng silbi kundi itapon at tapakan ng mga tao. Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang siyudad na nakatayo sa ibabaw ng burol ay hindi maitatago. Ni ang mga tao ay hindi sisindi ng ilawan at ilalagay sa ilalim ng takalan, kundi sa lagayan ng ilaw ; At ito'y magbibigay liwanag sa lahat ng nasa bahay. Pagningasin ninyo ang inyong ilawan sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa Langit. **Huwag ninyong isipin na Ako ay naparito upang sirain ang Kautusan o ang mga Propeta. Hindi ako naparito upang sirain kundi upang tuparin.** Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mawala ang langit at lupa, ang isang tuldok o kudlit sa anomang paraan ay hindi mawawala sa Kautusan hanggang sa ang lahat ay matupad."

## ANG WALANG HANGGANG PARAISO

Palagian nating isipin na ang sanlibutang ito ay hindi natin tahanan. Si Allah ay naghanda ng mas magandang lugar, makalangit, kung saan lahat ng nasa lupa ay nais niyang pumaroon. Sa kasawiang-palad marami ang hindi magpapasakop sa awtoridad ni Allah at sa Kanyang Mga Banal na Utos, ang Sampung Utos, o tanggapin man si Isa-al-Masih Ibn Maryam bilang kanilang Tagapagligtas mula sa kanilang kasalanan. Nguni't para sa mga matuwid na tatanggap sa mga Kautusan ni Allah, ay may pangako: "Walang Hanggang Paraiso (Jannat 'Adn) ang kanilang papasukin, sa ilalim nito ay (magagandang) ilog, naroroong lahat ang lahat nilang naisin. Sa gayon si Allah ay maggagantimpala sa mga matuwid" S. An-Nahl 16:31

Nais ni Allah na ikaw at ako ay naroon. Nagbigay Siya sa atin ng napakaraming mga pangako mula sa Kanyang Banal na mga Aklat upang tayo ay hindi mawaglit. Papayagan ba natin si Allah na gawin ang Kanyang kalooban sa ating mga buhay? Ang mga pangako ng Banal na Aklat ay tiyak.

"At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa Langit na nagsasabi, 'masdan, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at Siya ay tatahan kasama nila, at Siya ay magiging kanilang Dios at sila'y magiging bayan niya, At pupunasan ng Dios ang lahat ng mga luha sa kanilang mga mata; at wala nang kamatayan, ni kalungkutan, ni pag-iiyakan, ni ano mang sakit: sapagka't ang mga lumang bagay ay lumipas na." Kitab Injil Apocalipsis 21:3-4

Oo, mahal na bumabasa, kung sino ka man, si Allah ay may matinding interes sa iyong kaligtasan. Tayo ba'y magtitiwala kay Allah, na nagpadala kay Isa al-Masih ibn Maryam sa malupit na mundong ito upang bigyan tayo ng pag-asa ng buhay na walang hanggan?

Taimtim na dalangin ko ay makasama ka sa titira sa walang hanggang paraiso magpakailanman.

## ANG MAKIPOT NA DAAN

Kailangan nating taimtim na dumalangin mula sa ating mga puso na si Allah ay makinig sa ating pagsamo para sa "matuwid na landas". Maraming mga landas sa buhay ang patungo sa maling daan. Kaya nga nararapat na ang lagi nating dalangin (dua) kay Allah ay gabayan tayo sa "matuwid na landas" o ayon kay Isa al-Masih ibn Maryam "makipot na landas" at ang "makipot na lagusan" na patungo sa buhay. Mateo 7:13-14

Hindi tayo dapat magpahinga ng kahit isang Segundo, at mag-isip na tayo'y ligtas sa pandaraya ni Iblis- ang Diablo. Nararapat tayong palaging lumakad sa harap ni Allah na may pagpakumbaba, at alalahanin ang ating pangangailangan ng Kanyang karunungan at lakas. Alalahanin na sa Langit mismo, si Iblis ay nanlinlang ng maraming mga anghel na tapat kay Allah upang sumama sa kanya sa pinakamalaking rebelyon sa buong sansinukob ni Allah:

"At isang tanda ang nakita muli sa kalangitan. At masdan ang isang malaking dragon na kulay pula, [Iblis O Satanas] na mayroong pitong mga ulo at sampung sungay at pitong korona sa kanyang mga ulo! At ang kanyang [Iblis] buntot ay kumabig ng ikatlong bahagi ng mga bituin [mga anghel] ng langit, at itinapon sa lupa..."Kitab Injil Apocalipsis 12:3-4

Mula nang siya ay itinapon mula sa langit, kaniyang ginamit itong lupa bilang kanyang punong-himpilan:

"At nagkaroon ng digmaan sa langit: si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipag-laban sa dragon; at ang dragon ay nakipag-laban din kasama ang kanyang mga anghel, at di sila nagtagumpay; at wala nang lugar pang naiwan para sa kanila sa langit. At ang dragon ay itinapon palabas, yaong matandang ahas, na tinawag na Diyablo, at si Satanas, na nanlinlang sa buong mundo; siya ay itinapon sa lupa, at ang kanyang mga anghel ay itinapon kasama niya." Apocalipsis 12:7-9

Si Iblis ay nakapanlinlang sa ating naunang mga magulang sapagka't sila ay nakinig sa kanyang mga pandaraya:

"…Pareho silang kumain ng bunga, kaya lumantad ang kanilang kahubaran: nag-umpisa silang manahi, bilang kanilang pantakip, ng mga dahon sa Paraiso: kaya nga si Adan ay sumuway sa kanyang Panginoon, at nagpatukso." S. Ta-ha 20:121

Si iblis ang Diyablo ay gumagamit ng gayon ding mga tukso ngayon upang dayain ang lahat sa mundong ito na hindi binabantayan at iniingatan ni Allah.

"At nakita ko ang tatlong karumaldumal na espirito na gaya ng palaka na lumabas sa bibig ng dragon, at sa bibig ng hayop, at sa bibig ng bulaang propeta. Sapagka't sila'y mga espiritu ng mga demonyo, na gumagawa ng mga milagro, na pumaparoon sa mga hari sa lupa at sa buong mundo, upang tipunin sila sa isang digmaan sa araw na yaon, sa dakilang araw ng Dios na Makapangyarihan." Apoc.16:13-14

Mahalagang malaman na si Iblis na demonyo at ang kanyang mga alagad ang kumikilos sa 3 mga ahensiya dito sa lupa: ang dragon, (pinansyal at politikal na mga lider sa mundo, marami sa kanila ay walang pagpapahalaga sa Dios, at mga espiritista), ang hayop (Papa ng Roma) at ang bulaang propeta (tumalikod na Protestante sa USA).

## 3 MENSAHE NG MGA ANGHEL: ANG PINAKA-SERYOSONG MGA BABALA

Upang hadlangan ang gawaing ito, sa habag ni Allah siya ay nagbigay sa atin ng tatlong mensahe para sa huling panahon, na tinatawag na "tatlong mensahe ng mga anghel" -upang tayo'y hindi madaya ni Iblis. Mga minamahal, ang pinaka-seryosong babala na ibinigay sa mga tao ay makikita sa mga mensahe na ibinigay kay Isa al-Masih ibn Maryam para sa huling mga araw na ito. Tinanggap ito ni Isa at ibinigay kay Yahya (Juan), ang alagad ni Allah, sa pamamagitan ng Kanyang anghel. Isinulat ni Yahya ang mga ito sa Injil na tinatawag na Apocalipsis ni Isa al-Masih ibn Marym (Apocalipsis 1:1). Ang mga maselang mensahe ng propesiya ay may dalang pagpapala mula kay Allah sa lahat ng tunay na magbibigay pansin sa mga ito. Ang mga ito ay mahalagang payo mula sa langit para sa ating panahon.

"Mapapalad ang bumabasa, at silang nakikinig sa mga salita ng mga hulang ito, at tumutupad sa mga bagay na nakasulat doon: sapagka't ang panaho'y malapit na." Kitab Injil Apocalipsis 1:3

## MENSAHE NG UNANG ANGHEL

Ang pabalita ng unang anghel ay nararapat tayong matakot sa Dios[Allah] at magbigay kaluwalhatian sa Kanya. Ang ibinigay na solemneng dahilan ay sapagka't parating na ang oras ng paghuhukom!

"At aking nakita ang isang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may (walang hanggang mabuting balita) upang ipangaral sa mga nananahan sa lupa, at sa bawat bansa, at bawat angkan, at wika, at tao, na nagsasabi ng may malakas na tinig, 'Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa Kanya; sapagka't ang oras ng Kanyang paghatol ay dumating na: at sumamba kayo sa gumawa ng langit, at lupa, at ng dagat, at mga bukal ng tubig." Apocalipsis 14:6-7

Ang mensaheng ito ay nararapat maibigay sa buong mundo sa mga huling araw ng kasaysayan– sa "bawat bansa, lahi, wika, at mga tao." Lahat ng nasa mundo ay nararapat makarinig nitong "walang hanggang mabuting balita" at ang seryosong babalang nakapaloob dito. Walang sino man ang hahatulan na hindi nakakaalam; malalaman ng lahat kung ano ang inaasahan sa kanila. Sa habag ni Allah siya ay nagbibigay sa atin ng panahon upang unawain at sundin ang mga mensaheng Kaniyang pinapadala. Hindi hahatulan ni Allah ang sinomang nasa kadiliman, nguni't ang hatol ay darating, kung ang liwanag ng katotohanan ay dumating sa tao, at pipiliin niyang manatili sa kadiliman ng kamalian.

## ANG ORAS NG PAGHUKOM

Opo, tayo ay nabubuhay sa panahon ng paghuhukom ni Allah sa bawat nilalang na nabuhay. Pinagpapasyahan ngayon kung sino ang mga tunay na sumusunod kay Allah at sa Kanyang ipinadala – ang pinakamalapit kay Allah: si Isa al-Masih ibn Maryam.

Sa Marangal na Qur'an, nabanggit na sa panahon ng propeta ng desiyerto, ang oras ng paghuhukom ay malapit na, ngunit hindi pa ito dumating.

Ang "**oras ng paghukom ay malapit na**." S. Al-Qamar 54:01

Ang "araw" O "oras ng paghu-hukom" ay binanggit sa Marangal na Qur'an ng mahigit 80 beses. Kaya nga ang paksang ito ay hindi dapat ibalewala.

Ang mensahe ni propeta Yahya (Juan) na ang matagal nang inaasahang oras ng paghatol ay dumating na ay kaugnay ng naunang mensahe mula kay propeta Daniel (Daniel 8:14). Ang mensaheng ito ay naglalaman ng paglilinis ng santuwaryo sa langit, kung saan si Isa al-Masih ay naglilingkod bilang Kataas-taasang Saserdote sa maikling panahon na lamang. Ang mensahe ay nagsasaad ng isang panahon kung saan ang hukuman o korte ay uupo na at magpapasya kung sino ang tunay na sumusunod kay Allah. Ito nga ay makalangit na hukuman, sapagka't ang mga nilalang sa langit ang magpapasya kung sino ang kay Allah. Ito ang tinatawag ni propeta Daniel na "paglilinis" ng santuwaryo:



"...Matapos ang dalawang-libo at tatlong-daang mga araw; ang santuwaryo ay lilinisin." Kitab Taurat Daniel 8:14

Sa talata sa taas ay makikita ang isang panahon mula sa Taurat, na ibinigay ni Allah kay propeta Daniel, upang maunawaan kung kelan ang panahon ng paghu-hukom. Malalaman natin kung kelan ito mag-uumpisa. Ayon sa mga Banal na Aklat, ang propesiya ng paglilinis ng santuwaryo sa langit ay nagsimula sa October 22, 1844 AD. Simula ng araw na iyon, ang panahon ng paghuhukom na inilarawan ni Daniel (Daniel 7:9-10) ay nag-umpisa.

Ibig sabihin nito, mahal na kaibigan, araw-araw ang ating mga kilos, isip, at pananalita ay binabantayan. Sino ba ang may-ari ng iyong puso? Ano ang pumupuno ng iyong isip? Ito ba ay nakatuon kay Allah? O ito'y nakatuon sa mundong ito at sa mga bagay-bagay dito?

"Ang mga mata ng Dios ay nasa sa mga matuwid, at ang Kanyang pakinig ay bukas sa kanilang mga daing. Ang mukha ng PANGINOON ay laban sa kanila na gumagawa ng kasamaan, upang alisin ang alaala nila sa mundong ito." Kitab Zabur Awit 34:15-16

Sa propesiya ng Apocalipsis ang babalang ito ng paghuhukom, kasama ng magkaka-ugnay na mensahe ng iba pang mga anghel, ay sinundan ng pagparito ng Anak ng tao [Isa al-Masih ibn Maryam] sa




mga ulap mula sa langit. **Ang pabalita ng paghuhukom ay pahayag na ang pagparito ni Isa al-Masih ay malapit na.** Ang pabalitang ito ay tinatawag na walang-hanggang ebanghelyo. Kaya nga ang pangangaral ng ikalawang pagparito ni Isa al-Masih, at ito'y malapit na, ay isang mainam at mahalagang bahagi ng huling mensahe ng awa para sa ngayong bagsak nang sanlibutan. Ibig sabihin, kapag ang paghuhukom ng mga buhay at ng mga patay ay matapos na, si Isa al-Masih ay babalik na sa lupa upang tipunin sa Kanya ang lahat ng sumunod sa kanya ng may pagmamahal. Ang mga tapat na yaon ang dadalhin niya pabalik sa langit kasama Niya.

Ang Marangal na Qur'an ay nagpapahayag na si Isa al-Masih ibn Maryam ang siyang "tanda" ng parating na Oras ng Paghuhukom.

"At si Hesus ay magiging tanda (sa pagdating) ng Oras ng Paghuhukom, kaya't huwag kang mag-alinlangan (sa Oras), kaya nga Ako ay iyong sundin:ito ang Tuwid na Landas." S. Az-Zukhruf 43:61

## SAMBAHIN ANG MANLILIKHA

Sa mensahe ng unang anghel – na nagpahayag na ang "Oras ng Paghuhukom ay narito na" – ay may payo sa lahat ng tao sa sanlibutan na "sambahin Siya na gumawa ng langit, at lupa, at ng dagat, at ng mga bukal ng tubig." Kitab Injil Apocalipsis 14:7

Ang bahaging ito ng mensahe ng tatlong mga anghel ay tumutukoy pabalik sa Taurat at sa Sampung Utos. Ang ika-4 na Utos ni Allah ay naglalahad na Siya ang maylikha ng "langit at lupa, ang dagat, at ang lahat ng nasa lupa." Kitab Taurat Exodo 20:11

Tila ba mapanuya na ang utos na kinalimutan ay ang nagsisimula sa salitang "alalahanin." At sa pamamagitan ng mensahe ng unang anghel sa Apocalipsis 14:7 tayo ay sinasabihang "alalahanin" ang Sabbath (As-Sabt), ang ika-7 araw ng bawat linggo, bilang araw na itinalaga ng Diyos na Maylikha na araw ng pagpapahinga, bilang alaala ng Paglalang. Tayo nga ay "sumasamba sa Kanya" kapag tayo ay sumusunod at titigil sa ating mga gawain at magpapahinga sa bawat Sabbath(Sabado).

Ang susunod na Utos ay isinulat ng sariling daliri ni Allah sa tabletang bato.

"**Alalahanin ang araw ng Sabbath, upang ipangilin. Anim na araw na gagawa ka, at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain: nguni't ang ikapitong araw ay Sabbath ng Panginoon mong Diyos; sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa,** ikaw, ni iyong anak na lalaki, ni babae, ni ang iyong aliping lalaki, ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong bisita sa loob ng iyong bakuran: sapagka't sa loob ng anim na araw ay ginawa ng Dios ang langit at lupa, ang dagat, at ang lahat ng nasa lupa, at nagpahinga sa ika-pitong araw: datapuwa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng Sabbath at pinakabanal. Taurat Exodo 20-8-11

Sa ngayon, milyon-milyong mga tao sa lupa ang nakalimot sa pagpahinga sa ika-pitong araw ng isang linggo – isang araw na itinabi ni Allah para sa mga tao. Kaya ang babala ay katulad ng sa panahon ni nabi Nuh, sa ngayon ang lahat ng nasa buong sanlibutan ay pinapayuhan na "alalahanin ang araw ng Sabbath." Ang pagsunod kay Allah ang pinaka-dakilang ebidensiya ng pagsamba sa Kanya. Maaari tayong gumawa ng mga dakilang bagay at magpakita ng dakilang pagpapamalas upang sambahin si Allah, nguni't ang subukan ng tunay na pagsamba ay pagsunod sa Kanyang salita. Isang matandang propeta na si Samuel ay nagsabi nang matagal nang panahon,

"...Ano ang mas kaaya-aya sa Dios: ang inyong sinunog na mga handog at hain o ang inyong pagsunod sa Kanyang tinig? Makinig! Ang pagsunod ay mas mainam kaysa sakripisyo, at ang pagpapasakop ay mas mainam kaysa mga handog na taba ng mga tupa." Kitab Taurat 1 Samuel 15:22

Para sa karamihan, ang pagtupad sa salita ni Allah ay nasa mga labi lamang.

"Sila ay 'sumusunod' sa mga labi lamang..." S. An-Nisaa' 4:81

Samantala, ang kanilang mga kilos at salita sa araw at gabi ay nagpapatunay na ang kanilang pangako ay panlabas lamang. Nakita ng matandang propeta na si Ezekiel sa Taurat na ang isyu noong mga araw niya ay kaparehas din nito. Walang takot siyang nagsabi, At sila ay lalapit sa iyo, at sila ay uupo sa harap mo na gaya ng aking bayan, at sila ay makikinig sa iyong mga salita, subali't di nila susundin ito: sapagka't sa kanilang mga bibig ay nagpapakita sila ng labis na pag-ibig, ngunit sa kanilang mga puso ay ang pagkaimbot." Taurat Ezekiel 33:31

Kaysa mawalan ng negosyo, karamihan ng mga tao ngayon ay nagbabalewala sa utos ni Allah na magpahinga sa mga gawain sa araw ng Sabbath at hanapin si Allah, kesa unahin ang kanilang mga negosyo. Kung tayo lamang ay magpapasakop sa Batas ni Allah, sa Sampung Utos, at magpahinga ayon sa ika-4 na Utos, gaano kaya kakaiba ang mundo natin ngayon ?

"Kung sila lamang ay nanindigan sa Kautusan, sa Ebanghelyo, at sa lahat ng mga rebelasyon na ipinadala sa kanila mula sa kanilang Panginoon, sila sana ay nagtamasa ng kaligayahan sa bawat panig. May mga kasama silang nasa tamang landas: datapuwa't ang karamihan sa kanila ay sumusunod sa masamang landas."S.Al-Ma'ida 5:66

Kalimitan, ang mga tao ay naglilingkod kay Allah sa bibig lamang, nguni't ang kanilang mga puso at buhay ay malayo sa Kanya. Sabi ni Isa al-Masih ibn Maryam,

"Ang mga taong ito ay lumalapit sa Akin sa kanilang mga labi, at iginagalang ako ng kanilang mga labi; subali't ang kanilang mga puso ay malayo sa Akin. Injil Mateo 15:8

Ang pagsunod sa mga salita ni Allah, ang palagiang malaking subukan kung tayo'y tunay na sumasamba kay Allah. Ano mang kulang sa lubos na pagsunod sa Kanyang Salita ay isa lamang pagkutya, at pagkukunwari.

## BUMAGSAK NA ANG BABILONIA, BUMAGSAK NA

Ang pangalawang mensahe ng Langit para sa huling-panahon, na dala ng ika-2 anghel, ay nagbabalita sa buong mundo na ang mga simbahang noon ay lumakad sa katotohanan ay hindi na ngayon. Dahil sa kanila "ang mundo at ang lahat na nanirahan dito ay sumamba" ayon sa mga aral ng tao, kesa sumunod sa mga Salita ni Allah. Sa ngayon, ang mga aral na wala sa Banal na Kasulatan ang itinuturo ng Iglesia Romano, ng karamihan ng mga Kristiyanong iglesia, at iba pang mga relihiyon sa buong mundo.

Wika ni Hesus, "...Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, na itinuturo ang mga utos ng tao." Injil Marcos 7:7 Bigyang pansin ang ilang mga halimbawa ng mga kamalian na laganap sa buong sanlibutan.

Una, itinuturo na ngayon na si Allah ay hindi mahigpit sa kung ano ang iyong kinakain. Itinuturo na si Allah ay hindi na naglalagay ng kaibahan sa malinis (halal)

O karumaldumal (haram) na pagkain.

Kaya nga, ang karne ng baboy ay malayang kinakain ngayon. Ito ay kamaliang nagdulot ng matinding pighati. Malinaw na inihayag sa Banal na Aklat na may mga uri ng hayop na di-dapat kainin ni hawakan ng tao. Ang kumpletong listahan ng mga hayop na kinilala ni Allah na haram ay matatagpuan sa Taurat Levitico 11. Sa maikling salaysay, ang mga karumaldumal O haram na mga hayop ay: ang kamelyo, at ang lahat ng mga hayop na apat ang paa na hindi ngumunguya at biyak ang mga kuko sa paa; mga koneho, at lahat ng mga uri ng daga; baboy; mga lamandagat na walang kaliskis at palikpik; at lahat ng mga ibon na mananagit. Ang Iglesia Romana at ang lahat ng sumusunod sa kanyang mga turo ang di-naglalagay ng kaibahan sa mga malinis at karumaldumal na mga hayop.

Pinapaniwalaan din na ang alak ay maaaring inumin ng malaya. Maging sa relihiyosong serbisyo na tinatawag na "Misa" ang alak ay iniinom ng mga pari. Ito ay ipinagbawal sa mga Salita ni Allah, nguni't ang payong ito ay tinanggihan at kinalimutan. Malinaw na naisulat ang mga salita, "ang alak ay manunuya, ang matapang na inumin ay nangangalit: ang sinomang malinlang ay mangmang." Zabur Kawikaan 20:1

Isa pang kamalian ay si Maryam, na ina ni Hesus, ay sinasamba bilang Dios. Dinadalanginan siya, sinasamba, yinuyukuran bilang isang imahen, at hinihilingan ng mga pabor. Subali't ang mga Salita ni Allah ay malinaw:

"Huwag kang magkaroon ng ibang mga dios sa harap ko." Taurat Exodo 20:3

Bagaman matagal nang patay at nagpahinga sa kaniyang libingan si Maryam, mayroon pa ring kaguluhan tungkol sa kanya. Ang ilan ay sumasamba sa kanya dahil sa mga "aparisyon", o mga espiritung pagpapakita niya, kung saan



siya ay tila nakikipagusap sa mga tao sa lupa. Ito ay nakamamatay na pandaraya at tukso ni Iblis.

"Sapagka't sila ay mga espiritu ng mga demonyo, na gumagawa ng mga milagro…" Apocalipsis 16:14

Isa pang kamalian ay ang utos na magpahinga sa araw na banal na ika-7 araw ng isang linggo –na-Sabt, Sabbath, O Sabado – ay wala nang bisa, at ang araw na Linggo, ang araw ng paganong pagsamba sa araw, ay siyang ipinalit sa Sabbath ni Allah. Ito ay isang malawakang pandaraya sa buong daigdig.

"…Katotohanan ang aking mga Sabbath ay iyong ipangingilin: sapagka't ito ay isang tanda sa akin at sa inyo sa buong panahon ng inyong lahi; upang malaman mo na Ako ang Panginoon na nagpapabanal sa iyo. Iyo ngang ipangilin ang Sabbath; sapagka't ito ay banal para sa iyo…anim na araw ay maaari kang magtrabaho; nguni't ang ika-7 ay ang Sabbath ng pahinga, banal ito sa Panginoon…" Exodo 31:13-17.

Subali't makikita natin ngayon, halos sa buong mundo, ang mga tindahan ay sarado sa araw ng Linggo, ang unang araw sa isang linggo! Ang Sabbath ay sinasabing para sa mga Hudyo lamang, nguni't ang utos na ito ay ibinigay nang wala pang mga Hudyo.

Isa pang panlilinlang ay ang paggamit sa mga simbahan ng mga imahen na gawa sa kahoy, bato, pilak at ginto upang sambahin ang Dios. Ito ay pagsalungat, o kamangmangan sa ika-2 utos ng Dios:

"Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan, o ng kawangis man ng anomang anyong nasa langit sa itaas, o nasa lupa sa ilalim, o sa mga tubig sa ilalim ng lupa: Huwag kang yuyuko sa kanila, ni paglingkuran man sila: sapagka't akong Panginoon mong Dios ay mapanibughuin, na aking dinadalaw ang mga kasalanan ng mga ama sa kanilang mga anak hanggang sa ika-3 at ika-4 na salin ng lahi ng mga napopoot sa Akin; at pinapakitaan ko ng habag ang libu-libong umiibig sa Akin, at sumusunod sa Aking mga Utos." Kitab Taurat Exodo 20:4-6

Malinaw na, ang paggawa ng mga imahen at paggamit nito sa pagsamba kay Allah ay mahigpit na ipinagbabawal.

## MGA MATINDING KAMALIAN TUNGKOL SA KAMATAYAN

Isa pang maling aral na nagligaw sa marami ay ang aral na kapag ang mga patay ay nailibing na sa mga libingan, sila ay hindi tunay na mga patay. Malawakang itinuturo na maaaring makipag-usap ang mga buhay doon sa mga namatay na. Ang maling aral na ito mula kay Iblis ay isang nakamamatay na aral, sapagka't ang Banal na Aklat ay tiyak na malinaw na ang mga "patay ay walang kaalaman" – kahit pa si Maryam.

"Sapagka't nalalaman ng mga buhay na sila ay mamamatay; nguni't ang mga patay ay walang nalalamang anoman, ni mayroon pa man silang gantimpala; sapagka't ang kanilang alaala ay nakalimutan na. Maging ang kanilang pag-ibig, at kanilang galit, ang kanilang pag-iimbot, ay wala na; at wala na silang bahagi kailanman sa mga pangyayari sa ilalim ng araw." Kitab Zabur Eclesiastes 9:5-6.

Kung wala nang alam ang mga patay, bakit pa sila kailangang kunsultahin? Ayon sa Salita ng Dios, sila ay natutulog at walang malay sa lahat ng pangyayari sa kanilang paligid, at mananatiling gayon hanggang sa araw ng pagkabuhay na muli. Ang Banal na Aklat ay nagpapatunay na "ang mga patay ay hindi na nagbibigay papuri sa PANGINOON. Sila na mga mapayapang nakahiga sa libingan ay hindi na nagbibigay papuri sa Kanya." Psalmo 115:17

"Ano man ang iyong gawa, gawin na ngayon ng maayos. Sapagka't kung ikaw ay nasa libingan na, wala ng gawa o pagpaplano o kaalaman o katalinuhan man." Eclesiastes 9:10

"Maaaring may magsasabi sa iyo, 'Tanungin natin ang mga espiritista at ang mga kumukunsulta sa mga patay. Sa kanilang pagbulong-bulongan, sila ang magsasabi sa atin kung ano ang nararapat gawin.' Nguni't hindi baga dapat humingi ang tao ng patnubay sa Dios? Nararapat bang humingi ng patnubay ang mga buhay sa mga patay?" Isaias 8:19

Sa huling panahon, magkakaroon ng pagkabuhay na muli; habang wala pa, ang lahat ng mga patay ay mananatiling natutulog.

"Kaya ang tao ay nahihiga, at di na babangon: hanggang sa ang langit ay mawala, sila'y hindi gigising, ni babangon sa kanilang pagtulog. O ikubli mo nawa ako sa libingan, at ako'y ingatang lihim, hanggang sa ang iyong poot ay lumipas, at takdaan mo nawa ako ng panahon, at alalahanin mo ako! Kung ang isang tao ay mamatay, siya ba'y mabubuhay muli? Lahat ng mga araw na itinalaga sa akin ako ay maghihintay, hanggang ako ay baguhin. *Ikaw ay tatawag, at ako ay sasagot:* Ikaw ay magtataglay ng nasa sa gawa ng Iyong mga kamay." Job 14:12-15

"Subali't silang mga namatay sa PANGINOON ay mabubuhay; ang kanilang mga katawan ay babangon muli! Sila na natulog sa lupa ay gigising at aawit ng kaligayahan!" Kitab Taurat Isaias 26:19

"Sasabihin ko sa iyo ang isang misteryo. Hindi tayong lahat ay mamamatay, ngunit lahat tayo ay babaguhin." Sa isang sandali, sa isang kisap mata sa huling tunog ng trumpeta. Sa katunayan, ang trumpeta ay tutunog at ang mga patay ay mabubuhay na muli. Sila ay babaguhin upang sila ay mabuhay ng walang hanggan. Ang katawang ito na nabubulok ay babaguhin sa isang katawang di-nabubulok. Ang katawang ito na mamamatay ay babaguhin sa isang katawan na mabubuhay na walang hanggan." Injil 1 Corinto15:51-53.

Sa mga iilang kamaliang ito, ay ating makikita na si Iblis na Diablo ang nagbigay ng nakakalasing na inuming "alak" ng Babilonia, upang iligaw ang mga isip at katapatan kay Allah. Isinantabi ang Banal na Aklat ng Dios at pinalitan ng mga aral at turo ng tao. O, gaanong inililigaw ni Iblis ang buong mundo sa pamamagitan ng kaniyang mga tusong pandaraya, at gaanong kaunti lamang ang nakakakita ng mga kamaliang kanilang tinatanggap. Kakaunti lamang ang nakakaalam na sila ay sumusunod sa masamang daan!

## KUNG ANG SINO MAN AY SASAMBA SA HAYOP AT SA KANYANG LARAWAN

Habang patuloy tayo sa pagsasaliksik sa pinaka-seryosong mga babalang ibinigay sa mundo mula sa panahon ni nabi Nuh (Noe at ang malaking baha), ating makikita na ang Apocalipsis na ibinigay ni Allah kay Isa al-Masih ibn Maryam, at isinulat ni Yahya para sa mga susunod na henerasyon, ay naglalaman ng mga pinaka-matatapang na salitang ibinigay ni Allah sa mundo. Sa ika-3 mensahe ng anghel para sa huling panahon, sa mga nabubuhay sa lupa, ang anghel na inatasan ng langit ay masidhing nagbababala sa mga naninirahan sa lupa tungkol sa paghuhukom at sa pagtanggap ng"tanda ng hayop" sa mga huling araw.

"At ang ika-3 anghel ay sumunod sa kanila, na nagsasabi ng malakas na tinig, 'Kung ang sinoman ay sasamba sa hayop at sa kanyang larawan, at tatanggap ng tanda sa kanyang noo, o sa kanyang kamay, ay iinom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Dios, na ibinuhos na walang halo sa inuman ng kanyang kagalitan; at siya'y pahihirapan ng apoy at asupre sa harapan ng banal na mga anghel, at sa harapan ng Cordero." Injil Apocalipsis 14:9-10.

Ano ang kahulugan ng "pagsamba sa hayop"? Ano ang ibig sabihin ng tumanggap ng "tanda" sa noo o sa kamay? At ano ang alak ng galit ni Allah? Ating hahanapin ang mga sagot sa mga ito sa mga susunod na pahina. Huwag kalimutan na palaging humingi kay Allah, sa pamamagitan ng taimtim

na panalangin (du'a), ng mga sagot dito at sa bawat katanungan sa buhay na nangangailangan ng kasagutan. Siya ay handa at nais tumulong sa atin upang makaunawa tulad ng pagtulong Niya kay Daniel sa pagunawa sa pangitain ng propesiya.

"Ako ay pumarito ngayon upang bigyan ka ng dunong at kaunawaan… kaya unawain mo ang bagay na ito, at isaalang-alang ang pangitain;" "alamin nga at unawain…" Taurat Daniel 9:22, 25

Kagaya ng kasiguruhang ibinigay ng Dios kay propetang Daniel, maaari din nating maunawaan ang mga propesiya ng Apocalipsis. Ang aklat na iyon ay nagsasabi sa atin:

"Ang buong mundo ay namangha sa milagrong ito [ang hayop na ibinalik ang kanyang kapangyarihan] at sumamba sa hayop." Injil Apocalipsis 13:3

Sa katunayan, ang hayop at ang kanyang mga promotor ay gagawa ng daan upang kontrolin ang buong mundo. Mababasa natin na siya ay magtatagumpay din, maliban sa mga tatangging tumanggap ng "tatak" ng hayop.

"At ibinigay sa kanya na makipagbaka sa mga banal, at daigin sila: at binigyan siya ng kapangyarihan sa bawat angkan, bayan, wika at bansa. At ang lahat ng naninirahan sa mundo ay sasamba sa kanya, kung kanino mang mga pangalan ang hindi nakasulat sa aklat ng buhay ng Corderong pinatay buhat nang itatag ang mundo." Apoc. 13:7-8

Sa wakas, ang batas ay ipapapatupad na walang maaaring bumili o magtinda o mangalakal o magnegosyo, hangga't wala silang "tatak" sa kanilang mga noo o sa kanilang kamay:

"At walang maaaring bumili o magtinda, kundi siyang may "tatak", o may pangalan ng hayop, o may numero ng kanyang pangalan." Injil Apocalipsis 13:17.

Kaya ang sistemang ito ay gagawa ng paraan upang kontrolin ang buong mundo, una sa pamamagitan ng mga panlilinlang at mga milagro, pagkatapos ay sa pagpapahirap sa ekonomiya, at sa huli ay sa pamamagitan ng pagbabanta ng kamatayan. Ang batas ay ipapatupad na "…Ang karamihan na hindi sasamba sa larawan ng hayop [tuparin ang kanyang mga batas] ay papatayin." Apocalipsis 13:15

## SINO ANG "HAYOP"?

Upang "sumamba sa hayop", kailangan muna nating malaman kung sino ang tinutukoy na hayop. Sa propesiya ng Biblia, ang "hayop" ay simbolo ng isang bansa o isang kapangyarihan dito sa lupa. Una nating nakita ang maka-pangyarihang hayop na binanggit ni Daniel na tinatawag na "maliit na sungay". Taurat Daniel 7:8; 8:9. Ito ang kapangyarihang "mag-iisip na palitan ang mga panahon ng Dios at Kanyang Mga Utos." Daniel 7:25.

Sa Apocalipsis ni Isa al-Masih makikita natin na ito ring kapangyarihang ito ang tinutukoy bilang hayop – at tunay na isang kakaibang hayop! Ayon sa inilarawan sa Apocalipsis 13:1-2,

"At ako'y tumayo sa buhangin ng dagat, at nakita ko ang isang hayop na umaahon mula sa dagat, na may pitong ulo at sampung mga sungay, at sa kaniyang mga sungay ay sampung korona at sa kanyang mga ulo ay pangalan ng kapusungan. At ang hayop na aking nakita ay gaya ng isang leopardo, ang kanyang paa ay tila mga paa ng oso, ang kanyang bunganga ay tila bunganga ng leon: at ang dragon ang nagbigay sa kanya ng kapangyarihan, at luklukan, at dakilang kapamahalaan."

Huwag nating kalimutan ang huling pangungusap! Hindi si Allah ang nagbigay sa hayop ng kanyang kapangyarihan at awtoridad, kundi si Iblis ang diyablo.

Ang "hayop" na inilalarawan dito ay ang papa sa Roma. Ang papa ay siyang pinuno ng isang relihiyosong sistema na sa simula ay dalisay, subali't nabahiran at naging marumi, nang ang mga turo at mga seremonya ng paganismo ay ipinasok sa kanyang mga relihiyosong gawain at mga paniniwala. Ito'y nagtataas ng mga tradisyon ng tao at mga batas ng iglesia ng higit pa sa Biblia at utos ng Dios. Ito ay inilarawan sa iba't-ibang bahagi sa Banal na Aklat sa mga sumusunod na 12 paraan:

"maliit na sungay":Daniel 7 at 8

"taong makasalanan": 2 Thessalonica 2:3

"haring may mabagsik na pagmumukha":Daniel 8:23

"babaeng naka-ube at pula": Injil Apocalipsis 17:4

"ang dakilang patotot": Kitab Injil Apocalipsis 17:1,19:2

"ang hayop":Apoc. 13-17, 19, 20

"666": Apocalipsis 13:18

"ang Dakilang Babilonia": Kitab Injil Apocalipsis 17:5; 18:2

"Ina ng mga patotot": Apoc. 17:5

"hiwaga ng kasalanan": Kitab Injil Apoc. 17; 2 Thessalonica 2:7

"mga abominasyon sa lupa": Apocalipsis 17:5

"anti-Kristo":I Juan 2:22; 4:3

Gaya ng binanggit kanina, pagsamba ang usapin, at ang demonyo ay kumikilos sa pamamagitan ng maling sistema upang makamit ang pagsamba ng milyun-milyon sa mundo. Ang usapin ay ang pagsamba ayon sa sistema ng Roma na nagpaparangal sa papa at pagtigil sa trabaho sa araw ng Linggo, ang "araw ng kapahingahan" ng papa, laban sa pagpaparangal kay Allah sa pamamagitan ng pagtigil sa mga gawain sa araw na Kanyang itinalaga noong nilikha ang sanlibutan. Ang banal na araw na ito ay ang ika-7 araw ng linggo, ang tunay na araw ng "Sabbath".

## ANG SABBATH NG KAPAHINGAHAN

Narito ang maikling tala mula sa Taurat ng paglalang ng Daigdig at ang kasaysayan ng tunay na Sabbath na itinatag mismo ni Allah.

"At nayari ang langit at ang lupa, at ang lahat ng bagay. At sa ika-pitong araw ay nayari ng Dios ang Kanyang mga gawain; at nagpahinga sa ika-pitong araw sa madlang gawa niyang ginawa. At pinagpala ng Dios ang ika-pitong araw, at ginawang banal." Taurat Genesis 2:2

Ang mga binigyan ng Salita ng Dios noong una ay inatasan na "…ito'y ipakilala at linawin sa sangkatauhan, at ito'y huwag itago; subali't ito'y kanilang tinalikuran, at binili ito sa mababang halaga! At masama ang kalakarang kanilang ginawa!" S. Al-'Imran 3.187 Ang Bibliya ay nararapat na "ipakilala at linawin" sa sangkatauhan, subali't ano ang nangyari! Isang relihiyosong institusyon ang nagtangkang magpalit sa banal at sakdal na Salita ng Dios. Walang pinagbilinan ng ganyan si Allah, nguni't ang mga tao ay nasanay sa tradisyon" na ipangilin ang Linggo ng mga pagano na anupa't ang pagtanggap sa katotohanan ay naging mahirap .

## ANG AMERIKA SA HULA NG BIBLIA

"At nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa; at may dalawang sungay na katulad ng sa isang tupa at siya'y nagsalitang gaya ng dragon. At kaniyang ginamit ang lahat ng kapangyarihan ng naunang hayop sa kaniya, At pinasamba (gagawa ng batas) niya ang lupa at ang nananahan dito sa unang hayop, na gumaling ang sugat na ikamamatay." "At siya ay gumawa ng mga kababalaghan, anupa't nagpababa ng apoy mula sa langit patungo sa lupa sa harapan ng mga tao, at nadaya niya ang nananahan sa lupa dahil sa mga kababalaghan na yaon na may kapangyarihan siyang gawin sa harap ng hayop, at nagsasabi sa mga nananahan sa lupa na sila'y dapat gumawa ng larawan ng hayop, na nasugatan ng ikamamatay, ngunit' nabuhay pa."



"At mayroong siyang kapangyarihan para magbigay buhay sa larawan ng hayop, upang ang hayop ay makapag-salita, at magpapatay sa hindi sasamba sa larawan ng hayop. At ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at ang mga alipin ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay o sa noo; At nang huwag makabili o makabenta ang sinoman, kundi siyang mayroong tanda, o pangalan o bilang ng kaniyang pangalan. Dito'y may karunungan. Ang may unawa ay bilangin ang bilang ng hayop sapagkat ito'y bilang ng isang tao: at ang kaniyang bilang ay Anim na raan at anim na pu't anim." Injil Apocalipsis 13:11-18

Ang pangalawang hayop na ito ng Kitab Apocalipsis 13 na umaahon mula sa lupa ay magtataguyod ng maraming kamalian ng Roma at sumali sa apostasiya ng Roma, at naging pangunahin sa pagpapatupad ng maling Sabbath sa kaniyang bayan at sa buong mundo. Ang hayop na ito na may mala-tupang sungay ay anyong Kristiyano, subali't ito'y magsasalita, babala ng Bibliya, na parang dragon – si Iblis. Dito ipanapakita ang gagampanan ng USA at ng Protestantismo sa huling panahon.

Sa pamamagitan lamang ng batas ng lupa(USA), at sa pakikiisa ng mga lider ng mga relihiyong nasa apostasiya, na ang isang batas na kontra sa mga Batas ng Dios ay maipapasa. Sa pagsuway kay Allah, sila'y magtatangkang pilitin ang lahat ng mundo na mangilin ng Linggo, at sa gayon ay kanilang itatakwil ang tunay na Sabbath ng kapahingahan ng Dios.

## PAGSAPIT NG HULING ORAS NG MUNDO

Ang mga tao ay naging pangahas sa pagkakasala. Ang sukatan ng kasalanan ng mundo ay halos puno na sa kasamaan. Ang lupang ito ay malapit nang umabot sa panahon na pahihintulutan na ni Allah ang maninira na gawin ang kanyang gawain. Ang pagpapalit ng utos ng tao sa Utos ni

Allah, ang pagtataas, sa pamamagitan lamang ng awtoridad ng tao, ng araw ng Linggo sa halip na Sabbath ng Biblia, ay syang huling yugto. Kapag ang pagpapalit ng araw ng pagsimba ay pang buong daigdig na, si Allah ay magpapakita na. Siya ay babangon ng may karangalan upang yanigin ang daigdig. Siya ay lalabas sa Kanyang kinaroroonan upang parusahan ang mga nananahan sa mundo sa kanilang mga kasalanan, at ang mundo ay dadanak ng dugo, at hindi na maililibing ang mga patay.

Ang mga pangyayaring ito ay di-nalalayong matupad. Tayo nga ay nasa mapanganib na panahon, hindi lamang sa sosyal at ekonomikal, kundi sa espirituwal tayo ay nasa panganib din. Kinakailangang tayo'y manumbalik kay Allah at sumunod sa Kanyang Aklat, ang Banal na Kasulatan. Kapag ating pipiliin ang mga turo ng tumalikod na Romanong Iglesiya at ng mga bumagsak na Protestanteng Iglesiya sa halip na mga turo ni Allah ito'y maling pagpili, at ito ay may masamang kahihinatnan.

Sinabi sa Biblia na ang tatanggap ng tatak ng hayop ay magdudusa ng galit ni Allah na walang halong awa. Papalitan nila ang mga Utos ni Allah ng utos ng tao. Malinaw ang babala ng salita ni Allah:

"Pare-pareho sila [mga tatanggap at magtataguyod sa araw ng Linggo at iba pang kamalian] na iinom ng galit ng Diyos, na ibubuhos na walang halo sa saro ng Kanyang kagalitan; at sila ay paparusahan ng apoy at asupre sa harapan ng mga anghel, at sa harapan ng Cordero." Kitab Injil Apocalipsis 14:10

Dito ang Marangal na Al Qur'an ay nagbibigay payo sa mga Naniniwala sa Aklat,

"Kung ang mga Naniniwala sa Aklat ay naniwala at naging matapat, sana'y nabura na ang kanilang mga kasalanan at natanggap na sila sa mga paraiso ng kasayahan." S. Al-Ma'ida 5:65

"Kung sila lamang" ay nakinig sa Aklat (Biblia) at hinayaan ang mga Utos ng Dios na manindigan ayon sa nakasulat, at tinupad nila ang mga iyon, subali't hindi, pinalitan nila ang isang bagay na banal. Ngayon, ang galit ni Allah ay nasa kanila na nagpapalit ng Utos ni Allah .

'O mga naniniwala sa Aklat'! Wala kayong matatayuan malibang kayo ay manghawak sa Kautusan, sa Injil, at sa lahat ng rebelasyon na dumating sa iyo mula sa iyong Panginoon…'" S. Al-Ma'ida 5:68

## PAANO MAIIWASAN ANG TANDA NG HAYOP

Nararapat tayong magpasya na ang tanging susundin natin ay ang banal na Utos ni Allah lamang na nakatala sa Taurat, at ibinigay kay Musa (AS) sa bundok ng Sinai.

"Aming ibinigay ang mga utos sa kanya [Moses] sa mga bato ukol sa lahat ng pamamaraan na nag-uutos at nagpapaliwanag sa lahat ng bagay, (at nagsabi): Panghawakan ang mga ito ng may katatagan, at himukin ang mga tao na panghawakan sa pamamagitan ng pinakamainam na prinsipyo…'" S. Al-Araf 7:145 Ngayon si Allah ay nagtatanong sa lahat ng tanong Niya kay Musa noon:

"Gaano katagal mong tatanggihan ang aking mga utos at Batas?" Kitab Taurat Exodus 16:28

Ang tanging ligtas na daan para sa ating mga paa ay tumupad at manatili sa lahat ng Utos ni Allah pati na ang pangingilin sa araw ng Sabbath, at panatilihin itong banal. Ang tipanan ni Allah, na isinulat sa bato, ay upang tupdin ng lahat ng kaniyang nilalang ang kaniyang mga sagradong utos at batas.

"Datapuwa't inyong tutuparin ang Aking mga Utos; Ako ang Panginoon."Taurat Leviticus 22:31

"…iyong pakikinggan ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, **upang tuparin ninyo ang lahat ng Kanyang mga Utos** na Aking iniutos sa inyo sa araw na ito, upang sundin ninyo kung ano ang tama sa mata ng PANGINOON na iyong Diyos." Deuteronomio 13:18

Ang tanging paraan upang ang ating mga puso ay maging dalisay kay Allah (SWT) ay lumakad ng ayon sa kanyang mga utos.

"Kaya't maging sakdal nawa ang inyong puso sa Panginoon nating Dios, na magsilakad sa kaniyang mga palatuntunan, at sundin ang kaniyang mga utos...." 1 Hari 8:61

"Pakinggan natin ang kabuuan ng lahat ng bagay: matakot sa Dios, at sundin ang Kanyang mga utos: sapagkat ito ang buong tungkulin ng tao." Kitab Ecclesiastes 12:13

## KANINO NAKIKIPAGTIPAN SI ALLAH?

"…ang Dios, na nag-iingat ng tipan at kaawaan **sa umiibig sa iyo at tumutupad sa iyong mga utos**." Taurat Daniel 9:4

Wika ni Isa Al Masih Ibn Maryam,

"…kung nais mo ng buhay na walang hanggan, tuparin ang mga utos." Injil Mateo19:17

"Ito ang pag-ibig sa Dios, na ating tuparin ang Kanyang mga utos, at ang kaniyang mga utos ay hindi mabibigat." Injil 1 Juan 5:3

Matutupad ba ng mga makasalanan ang mga banal na utos ni Allah ?

Kung ating ipasakop ang ating sarili kay Allah at kay Isa Al Masih na Kanyang pinadala mula sa langit, tayo ay bibigyan ng kapangyarihan upang makatupad sa Kanyang kalooban. Si Allah ay "… magpapasakdal sa iyo sa bawat mabuting gawa, upang gawin ang kanyang kalooban, at gawin sa atin ang nakakalugod sa paningin niya sa pamamagitan ni Jesucristo, sa Kanya ang kaluwalhatian ay magpakailan man" Hebreo 13:21

Papaano gagawin yaon ni Allah? Siya ay nangako na gagawa sa atin ng gawang tunay na imposibleng magawa natin para sa ating sarili. Kailangan natin ang espiritu ni Allah upang magawa natin ang Kanyang gawain. Kaya nga, kung tayo ay susuko sa Kanya ng lubusan, tutuparin niya sa iyo at sa akin ang Kanyang Banal na kalooban. Kung ating nais, isusulat ng Dios ang Kanyang banal na Utos sa ating mga puso at isip, at tayo ay magnanasa na sundin yaon. Tayo din ay magkakaroon ng kapangyarihan sa pagtupad sa Kanyang Banal na Utos.

Ang mga Tao sa sanlibutan ay lumalabag sa mga Banal na Utos ni Allah.

"Ngunit ito ang tipan na Aking gagawin sa sangbahayan ng [espirituwal] Israel; matapos ang mga araw na yaon, wika ng PANGINOON, Aking ilalagay ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilanang puso at Ako'y magiging kanilang Dios, at sila ay Aking magiging bayan." Jeremias 31:33

Hayun nakatala sa Injeel kung papaano kikilos si Allah sa sino mang magpapahintulot. Noong una, isinulat ng Dios ang Kanyang banal na Utos sa dalawang tabletang bato, subalit ngayon sa huling mga panahon nais niya itong itanim sa mga handang puso at isipan.

"Ito ang tipang gagawin ko sa kanila, wika ng Panginoon, Aking ilalagay ang Aking utos sa kanilang mga puso, at isusulat ko sa kanilang mga isip" Kitab Injil Hebreo 10:16.

Ang taimtim naming dalangin (dua) sa lahat ng nagbabasa nito, nawa'y pahintulutan ninyo si Allah na isulat ang Kanyang dalisay na Utos sa inyong mga puso at isipan.

## ANG MGA TAONG MAY AKLAT AT ANG TIPANAN

"At alalahanin na nakipagtipan si Allah sa mga Taong may Aklat (mga Kristiyano), upang ipaalam at linawin ito sa sangkatauhan, at hindi upang ikubli; ngunit kanilang tinalikuran, at pinagbili nila sa murang halaga! At masama ang kalakaran na kanilang ginawa!" S. Al I'imran 3:187



Papaano ito natupad ayon sa kasaysayan? Nang ang Iglesia Romano ay namuno sa buong mundo noong mga nakalipas na mga siglo, ang kanyang mga pinuno ay gumawa ng batas:

"Ang sino mang magbasa ng Biblia, makinig, mangaral o magsalita man ukol dito, ay papatawan ng parusang kamatayan sa pamamagitan ng pagsunog. Ang mananalangin sa Dios ng lihim, at hindi sumamba sa mga imahen, O ang aawit ng salmo, ay parurusahan din ng kamatayan." *The Great Controversy*, p.240

Kinontrol ng mga lider ng Iglesia Katoliko ang mga hari at mga magsasaka sa Panahon ng Kadiliman (Dark Ages), kaya nga sila'y naging makapangyarihan.

"…Sa daan-daang mga taon ang sirkulasyon ng Biblia ay ipinagbawal. Ang mga tao'y binawalang magbasa nito o magkaroon man sa kanilang mga bahay, at ang mga walang-prinsipyong mga pari at pinuno ang nagpaliwanag ng mga turo nito upang pagtibayin ang kanilang mga pagkukunwari. Kaya't ang Papa ay kinilala halos sa buong mundo bilang kahalili ng Dios dito sa lupa, taglay ang kapangyarihan sa Iglesia at sa Gobyerno." Ibid., p.51 Kaya naman ang Bibliya, o ayon sa Marangal na Qur'an, ang 'timbangan' sa pagitan ng tama at mali ay winalang bahala at hindi isinaalang-alang.

"Aming ipinadala noon ang aming mga mensahero [mga propeta ng matandang panahon] ng may malinaw na mga tanda at dala nila ang Aklat [Biblia] at ang Timbangan (ng Tama at Mali), upang ang mga tao ay makatayo sa hustisya…" S. Al Hadid 57:25

Alalahanin ang ipinagkaloob kay Musa

(Moses) sa kagubatan?

"At alalahanin na ibinigay namin kay Musa ang Kasulatan at ang Batayan (sa pagitan ng Tama at Mali): Nagkaroon kayo ng pagkakataong magabayan ng tama." S. Al Baqara 2:53

Subali't ang papa ng Roma ay gumawa ng paraan upang mawala ang Kasulatan at ang "Batayan" sa pagitan ng tama at mali. Sa katunayan, ang mga pangulo sa Iglesia Romana, O ang mga papa mismo, ang nagpalit ng mga salita ng Kasulatan at binago nila ang kahulugan nito.

Napalitan na nga ba ang mga Matanda nang Salita ni Allah?

"Subali't pinalitan ng mga makasalanan ang salitang ipinagkaloob sa kanila; kaya Aming ipinadala sa mga makasalanan ang salot mula sa langit, sapagka't kanilang nilabag ang (Aming Utos) ng pauli-ulit" S. Al Baqara 2:5



Ang pagbabago sa salita ng Dios ay hinulaan ng sina-unang mga propeta. Isang sistema ang lilitaw at papalitan ang Banal na Utos at Mga Salita ni Allah. Pakinggan ang salita ng Matandang Propeta na si Daniel, "At siya [ang maliit na sungay, O ang mga papa] ay magsasalita ng malalaking mga salita laban sa Maykapal, at kanyang pahihirapan ang mga banal ng Maykapal, at iisiping palitan ang mga panahon at ang mga utos: at sila ay ibibigay sa kanyang mga kamay sa isang panahon, at mga panahon at sa kalahati ng panahon." Daniel 7:25

Si Isaias, isang sinaunang propeta na nauna kay Daniel, ay nakakita din sa ating kapanahunan. Pansinin ang kanyang mga salita:

"Ang lupa ay nadumihan sa ilalim ng mga nananahan doon, sapagka't kanilang sinalangsang ang kautusan, binago ang alituntunin at sinira ang walang hanggang tipan." Kitab Taurat Isaias 24:5

Ano ang pinalitan sa salita ni Allah? Ang Kanyang Banal na Utos, ang Sampung Utos, kasama dito ang ilang banal na payo mula kay Allah ang binago. Papaano 'paulit-ulit nilabag' ang mga Utos ni Allah ayon sa S. Baqara 2:59? Narito ang ilang halimbawa, ang iba ay nabanggit na sa una:

Ang Iglesia Romano ay nag-utos na magsamba sa Linggo, ang araw ng pagsamba sa dios na Araw ng mga pagano, sa halip na araw ng Sabbath, ang banal na araw ng kapahingahan ni Allah (As-Sabt).

Ang karumaldumal na pagkain ng karne ng baboy, at iba pang maruruming hayop ay hindi kinikilalang marumi O haram.

May mga diosdiosan sa mga pagsamba sa Romano o iglesiya ng papa.

Ang pagsusugal at pag-iinom ng alak, na ipinagbabawal sa mga Banal na Aklat, ay talamak nang ginagawa ng marami sa nagpapanggap na anak ng Dios, maging sa serbisyo ng Katolikong Misa ang alak ay ginagamit ng mga pari.

Si Maryam (Maria) ay sinasamba at dinadasalan na parang siya ay Dios. "Sino ang nagsabi sa mga Kristiyano na sambahin si Maria bilang Dios?" S. Al Ma'ida 5:115-116. Hindi si Isa Al Masih (AS) ang nagsabi nito, subali't ang mga pangulo ng Romano o kapapahan.

"Kayong mga Kristyano! Bakit ninyo dinadamitan ang katotohanan ng kamalian, at tinatago ang Katotohanan, habang kayo ay may kaalaman?" S. Al I'imran 3:71

Ngayon na ang panahon upang ang lahat ng tao sa buong mundo ay manumbalik sa banal na Utos ni Allah, na naibigay sa sangkatauhan matagal nang panahon. Ang mga Utos na ito ay kinalimutan ng Israel habang sila'y alipin sa Ehipto. Matapos silang makatakas sa pagka-alipin sa Ehipto, ipinaalaala ni Allah kay Musa at sa mga anak ng Israel ang mga banal na kautusan. Si Musa ay tinawag sa mataas na bundok ng Sinai, kung saan siya ay pinagkalooban ng banal na Utos sa anyo ng mga tabletang yari sa bato, kung saan si Allah mismo ang nagsulat muli ng Kanyang Utos upang makita at mabasa ng lahat.

**Malapit nang ipatupad ang batas sa buong mundo.**

"At pinabigyan niya [hayop na anyong tupa, USA] ang lahat, maliliit at malalaki, mayayaman at dukha, ang mga laya at mga alipin na **tumanggap ng tanda sa kanilang kanang kamay, o sa kanilang mga noo:** At walang sino mang maaaring magtinda o bumili, kundi sila lamang na may mga tanda, o pangalan ng hayop, o numero ng kanyang pangalan." Apocalipsis 13:16-17

Minamahal na kaibigan, ang pagsunod sa utos ng Papa na huwag mag-trabaho sa maling araw ng pagsamba, ay isang "tanda ng apostasiya", tanda ng (pagsunod) sa hayop."

Sino ang tatanggap nito? Sino ang tatanggi dito? Sino ang mananatiling totoo Kay Allah at sa Kanyang Banal na Utos? Sino ang tatayo sa pakikipaglaban sa katotohanan, habang ang marami sa palibot nila ay babagsak? Ikaw ba ?

## ANG MGA UTOS NI ALLAH: SA TAURAT

Narito ang mga banal na utos ni Allah, na matatagpuan sa Taurat.

I – "Huwag kang magkakaroon ng ibang dios sa Aking harapan."

II - "Huwag kang gagawa ng ano mang uri ng imahen, o kahit anong anyo ng kahit ano mang bagay na nasa langit, o nasa lupa, o ano mang bagay nasa mga tubig sa ilalim ng lupa; huwag kang yuyuko sa mga ito, o paglingkuran man sila: sapagka't Ako na iyong Dios ay Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang kasalanan ng mga ama sa kanilang mga anak hanggang sa ika-3 at 4 na salin ng lahi ng mga napopoot sa Akin; at nagpapakita ng habag sa mga libu-libong umiibig sa Akin, at tumutupad sa Aking mga utos."

III – "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon na iyong Dios sa walang kabuluhan, sapagka't hindi aariing walang sala ang lumapastangan sa kanyang pangalan.

IV – "Alalahanin mo ang araw ng Sabbath (Sabado), upang ipangilin. Anim na araw kang gagawa, at gagawin ang lahat na iyong gawain; nguni't ang ikapitong araw ay Sabbath ng Panginoon na iyong Dios; sa araw na yaon ay huwag kang gagawa ng ano mang gawa, ikaw, o ang iyong anak na lalaki, o ang iyong anak na babae, o ang iyong utusan na lalaki, o ang iyong utusan na babae, o ang iyong mga hayop, ni ang estranghero sa loob ng iyong bakuran; sapagka't sa anim na araw ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa, ang mga karagatan, at ang lahat na naroon nito, at nagpahinga sa ikapitong araw: anupa't binasbasan ng Dios ang araw ng Sabbath, at ginawa itong banal."

V - "Igalang mo ang iyong mga magulang: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa lupa na ipinagkaloob sa iyo ng Panginoon mong Dios."

VI –"Huwag kang papatay."

VII – "Huwag kang mangangalunya."

VIII – "Huwag kang magnanakaw."

IX – "Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa."

X – "Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapit-bahay, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapitbahay, ni ang kanyang utusan na lalaki, ni




ang kanyang utusan na babae, ni ang kanyang baka, ni ang kanyang kabayo, O kahit pa anong bagay ng inyong kapwa." Taurat Exodo 20:1-18

Ang mga banal na utos ni Allah ay para sa lahat ng panahon, para sa walang hanggan, at upang tupdin ng lahat ng bansa at lahat ng tao. Ang sabi ni Allah: "Hindi ko papalitan o sisirain ang bagay na lumabas sa Aking mga labi." Kitab Zabur Psalmo 89:34

## ANG MGA UTOS NG DIOS: SA INJIL

Ang sumusunod ay ang mga banal na Utos ni Allah, ayon sa Injil (Gospel):

I – "Sambahin mo ang Panginoon na iyong Dios, at Siya lamang ang iyong paglilingkuran." Mateo 4:10

II – "Mga anak ko, lumayo kayo sa mga diosdiosan. Datapwa't tayo ay mga anak ng Dios, nararapat na huwag nating isipin na ang Dios ay tulad ng ginto, O pilak, O bato, nilikha sa pamamagitan ng sining at paggawa ng tao." Kitab Injil I Juan 5:21; Kitab Injil Gawa17:29.

III – "Upang ang pangalan ng Dios at ang Kanyang mga turo ay hindi malapastangan." I Timoteo 6:1

IV – "Idalangin ninyo na ang inyong pagtakas ay hindi sa taglamig, o sa araw ng Sabado." "Ang Sabbath ay nilikha para sa tao, at hindi ang tao para sa Sabbath: sapagka't ang Anak ng tao ay Siya ding Panginoon ng Sabbath." "Sapagka't Siya ay nagsalita sa isang dako sa ganitong paraan, At ang Dios ay nagpahinga sa ika-pitong araw mula sa lahat Niyang gawa." "Mayroon pa ring nananatiling pangingilin ng Sabbath sa bayan ng Dios. Sapagka't siya na pumasok sa Kanyang kapahingahan, siya rin ay namahinga sa lahat niyang mga gawain, tulad ng pagpapahinga

ng Dios." "Sa pamamagitan Niya ang lahat ng mga bagay ay nilikha, ang nasa langit, at gayon din ang mga nasa lupa." Injil Mateo 24:20; Marcos 2:27-28; Hebreo 4:4,9,10 Colosas 1:16.

V –"Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina." Mateo 19:19

VI –"Huwag kang papatay." Roma 13:9

VII –"Huwag kang mangangalunya." Mateo 19:18

VIII –"Huwag kang magnanakaw." Injil Roma 13:9

IX –"Huwag kang magsisinungaling" Roma 13:9

X –Huwag kang mag-iimbot. Roma 7:7, "Atin bang pinawawalang-bisa ang mga Utos dahil sa pananampalataya? Hindi: Kundi pinagtitibay pa nga ang mga Utos." Roma 3:31, "Sila... ay namahinga ayon sa mga Utos " Lucas 23:54-56

Ang Sabbath sa Bagong Lupa:

"Sapagkat kung paanong ang mga bagong langit at ang bagong lupa, na aking lilikhain ay mananatili sa harap ko, sabi ng Panginoon, gayon mananatili ang inyong lahi, at ang inyong pangalan. At mangyayari, na mula sa bagong buwan hanggang sa susunod, at sa bawat Sabbath hanggang sa susunod, lahat ng tao ay paparito upang sumamba sa Aking harapan, sabi ng Panginoon." Isaias 66:22-23

## ANG MGA UTOS NG DIOS: SA QUR'AN

"At alalahanin, Kinuha namin ang tipanan at Aming itinaas sa ibabaw ninyo (ang mataas na bundok) (Sinai): (na nagsasabi) 'Panghawakan ng mahigpit ang ano mang ibinigay sa inyo, at sumunod sa mga (Utos)." S. Al-Baqara 2:93

"Siya ang nagpadala sa inyo ng mga Utos bilang gabay sa mga tao, at Kanyang ipinadala ang batayan (ng hustisya sa pagitan ng mabuti at masama). S. Al I'imran 3:3

I – "Ang iyong Panginoon ay nag-utos na walang sasambahin bukod sa Kanya..." S. Al-Israa' 17:23. "...si Allah...Walang ibang dios bukod sa Kanya..." S. Fatir 35:3

2 – "...Nguni't lumayo sa abominasyon ng mga diosdiosan." S.

# ANG SERYOSONG BABALA NI ALLAH

Al-Hajj 22:30

"At sila ay naglagay ng mga diosdiosan na kapantay ni Allah, upang iligaw ang (mga tao) mula sa landas." S. Ibrahim 14:30

3 - "Ang mga magagandang pangalan ay karapat-dapat kay Allah lamang: kaya tawagin Siya sa mga ito; at iwasan ang mga taong lumalapastangan sa Kanyang pangalan..." S. Al-A'raf 7:180

4 - "...si Allah, na lumikha ng mga langit at ng lupa sa loob ng anim na araw...Kanyang nilikha ang araw, buwan, at ang bituin, (lahat) ay nasa ilalim ng Batas at Kanyang utos." S. Al-A'raf 7:54

"... Isinumpa namin ang mga lumalabag sa Sabbath..." S. An-Nisaa' 4:47

"...Inutos namin sa kanila: "Huwag ninyong labagin ang mga ukol sa Sabbath." S. An-Nisaa' 4:154

5 – "...na kayo ay maging mabuti sa inyong mga magulang...at tawagin sila ng may paggalang."S. Al-Israa' 17:23

6 – "Huwag kayong kikitil ng buhay na ginawa ni Allah na sagrado" S. Al-An'am 6:151

7 – "Lumayo ka sa pangangalunya: sapagka't ito ay ...masama." S. Al-Israa' 17:32

8 – "...Upang hindi sila magnakaw..." S. Al-Mumtahina 60:12 "Subali't kung ang mga magnanakaw ay magsisi pagkatapos ng kanyang ginawa, at magbago sa kanyang kilos, si Allah ay babaling sa kanya ng may pagpapatawad"S.AL-Mai'da 5:39

9 - "...iwasan ang salitang hindi tutoo." S. Al-Hajj 22:30 "...si Allah ay hindi gagabay sa taong... nagsisinungaling." S. Al-Ghafir 40:28 "Magbigay ng tamang timbang kung kayo ay mag titimbang, at tama ang bigat ng inyong timbangan." S. Al-Israa' 17:35

10 – "Sa ano mang paraan ay huwag kayong magiimbot..." S. An-Nisaa' 4:32 "...Aming itinalaga ang Utos para sa kanya sa tableta ukol sa lahat ng bagay, nag-uutos at nagpapaliwanag ng lahat ng bagay, (at nagsabi): 'kunin at panghawakan ng mahigpit, at himukin ang inyong mga tao na panghawakang mabuti ang pinakamainam sa lahat ng alituntunin..." S. Al-A'raf 7:145 "At sa yapak ng kanilang [mga propeta] Aming ipinadala si Hesus ang anak ni Marya, pinagtibay ang mga Utos na dumating bago sa kanya: Aming ipinadala ang Injil, naroon ang gabay at liwanag, at pinagtitibay ang mga Utos na dumating bago pa sa kanya: isang gabay at paalala sa kanila na may takot kay Allah." S. Al-Mai'da 5:46

"Kaya ipinakita din namin kay Abraham ang kapangyarihan at ang mga Utos ng langit at lupa, upang siya ay (ng may unawa) magkaroon ng kasiguruhan." S. Al-An'am 6:75

si Allah "...Kung sino ang nagtalaga ng Batas...(at) nagbigay ng gabay..." S. Al A'la 87:3 (Ang mga talatang ito ay hango sa Divine Islam's Qur'an Viewer software v2.910)

## ANG BATAS NG DIYOS NA PINALITAN NG KAPAPAHAN

Ang sumusunod ay ang Utos ng Dios na pinalitan ng Iglesia ng Roma.

I – "Ako ang Panginoon na iyong Dios. Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa aking harapan."

(Mapapansin na ang ika-2 utos, na matatagpuan sa Taurat, Injil at Qur'an, na nagbabawal sa pagsamba sa imahen at dios-diosan ay tinanggal)

II – "Huwag mong gamitin ang pangalan ng Panginoon na iyong Dios ng walang kabuluhan."

III – "Alalahanin mo na tuparin at gawing banal ang araw ng Sabbath."

Sa Doctrinal Catholic Catechism, p. 174, ay may ganitong tanong at sagot:

"T. -Mayroon ba kayong katibayan na ang Simbahan ay may kapangyarihan sa pagtalaga ng mga "fiesta" bilang alituntunin?"

"S. –Kung wala siyang kapangyarihan, hindi sana niya kayang ilipat ang pagsamba sa araw na Linggo, ang unang araw ng sanlinggo, mula sa Sabado, ang ika-7 araw, isang pagbabagong walang batayan sa Kasulatan."

IV – "Igalang mo ang iyong ama at ina."

V – "Huwag kang papatay."

VI – "Huwag kang mangangalunya."

VII – "Huwag kang magnanakaw."



VIII – "Huwag kang magsasalita ng hindi totoo laban sa iyong kapwa."

IX – "Huwag mong pag-nasaan ang asawa ng iyong kapitbahay."

X - "Huwag kang mainggit sa mga gamit ng iyong kapitbahay."

(Hango sa "Convert's Catechism of Catholic Doctrine", p.50)

## "TATANGKAIN NIYANG PALITAN ANG MGA PANAHON AT ANG BATAS." – DANIEL 7:25

"...Ang tao ng kasalanan...na kumakalaban at nagmamataas ng kaniyang sarili laban sa lahat na tinatawag na Dios, o sinasamba; na siya ay umuupo sa templo ng Dios, nagtatanyag sa kaniyang sarili bilang Dios." 2 Tesalonica 2:3-4

Mga minamahal na mga kaibigan, ang lahat ng mga Banal na Aklat at ang Qur'an ay pareho ang sinasabi ukol sa Banal na Utos ni Allah, maliban sa matatagpuan sa mga sinulat ng Iglesia ng Roma, na nagbago ng Utos ng Dios. Ang ika-2 utos na nagbabawal sa pagsamba sa mga imahen at mga idolo, ay tinanggal na sa kaniliang mga sinulat, at ang utos tungkol sa Sabbath ay pina-ikli upang ang Manlilikha at ang Kanyang totoong araw ng pagsamba ay hindi na makilala. Lahat ng tao sa sanlibutan ay kailangang manumbalik sa tunay na Batas ni Allah, na hindi magbabago. Nais ng manunulat nito na ikaw ay lubusang pagpalain ni Allah habang tayo ay nagsisikap na ipahayag ang likas ng Dios at habang tayo ay papalapit sa huling mga yugto ng mundong ito.

Para sa karagdagang kaalaman: www.salahallah.com

**Ipadala ang iyong mga tanong at hiling para sa dagdag na kaalaman o Bible studies sa:**


**EMAIL: DANHE3636@YAHOO.COM**

**GLOBE: 09175003678**

**GLOBE: 09162836295**